

Ang Asawa Kong Demonyong  
Artista!?!

Created by: Miichiiko23

April2011

>>PROLOGUE<<

Ng ipakasal ako ng magulang ko sa kanya..

Ang tahimik kong buhay ay biglang nagbago...

Akala ko..

Ang magka-asawa ng artista ay isang panaginip lang

Pero nagkatotoo..

At doon nagsimula ang magulo kong buhay..

Akala ko..

Hindi ako maiinlove sa isang

AROGANTE,

MAYABANG

MAPRIDE

AT HIGIT SA LAHAT DEMONYONG KATULAD NIYA

Pero mali ako..

minahal ko ang demonyong kagaya niya..

NG HINDI KO NAMAMALAYAN....

CHAPTER 1: MALL! + 2 weeks maid! >.<

HANNAH'S POV

"hoy taba, kapag hindi ka pa gumising dyan, iiwanan kita!"

"natutulog pa yung tao eh"

"bahala ka!"

Ako si Yuuki Hanna Hirano Fujiwara, 17 years old, pero kasal na sa isang mapride, mayabang, (all negative personality) na si Gin Ryuu Fujiwara na isang artista..

Nagtataka kayo siguro kung bakit ko tinawag na demonyo tong asawa kong to?

Mabait lang kapag may media na kaharap at fans!..

Kakasal lang namin last year after ko grumaduate ng high school..

At yung kasal na nangyare ay live sa media! kaya buong babae nagwewelga kung bakit ang isang katulad niya, ay ipinakasal saken.. hindi ko naman kasalanan na ipakasal ako sa kanya!

Malaki kasi ang utang na loob ng papa ni ryuu sa papa ko, iniligtas kasi ng magaling kong papa ang papa ni ryuu sa kapahamakan kaya bilang pagpapasalamat, eto kinasal ako sa anak niya!

Mahirap lang kasi kami kaya ang gusto ng pamilya ko makaranas ng magandang buhay, at dahil sa kagustuhan ni papa na magkaroon ako ng magandang buhay, hiniling niya sa papa ni ryuu na ipakasal ako sa anak niya, ALAM KONG MASYADONG AWKWARD ANG HILING NI PAPA kaso walang choice!

Bukod pa dun, nagtrabaho si papa sa kompanya ng papa ni ryuu para magpasalamat sa kahilingan ni papa..matulungin kasi si papa kaya naman natutuwa talaga ang papa ni ryuu kay papa..

"wag na wag mo nga akong tatawaging taba!"

"bakit hindi ba?kapag kasama mo barkada mo, para kayong 3 little pigs, tapos ikaw yung pinakamalake"

"gusto mo mamatay ng maaga?"

"ayoko kasi kung mamatay man ako, gusto ko hindi isang baboy ang makapatay saken, tanggap ko pa kung baboy ramo kaso kapag ordinaryong baboy, hindi ako makakapayag!"

"ang yabang mo talaga!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

See, ang yabang niya talaga pero kapag nandito ang magulang namin, ubod ng bait!

"hoy ryuu!, hintayin mo ko!"

"ayoko, ang bagal mo ehh, baboy ka na nga, tapos pagong ka pa, ano ba naman yan"

"heh!

Hindi nakatira ang magulang namin sa bahay na tinutuluyan namin, gusto kasi ng magulang namin pareho magsama kami sa iisang bahay ng kaming dalawa lang..

May mga maid naman kaming nag-aalaga saming dalawa kaya ok naman..

Kung tinatanong niyo kung magkasama kami sa iisang kwarto kapag natutulog,

HINDI!NEVER! NEVER AKONG TATABI SA ISANG DEMONYONG KATULAD NIYA!

Pero kapag nandyan ang magulang namin, magkasama kami sa iisang kwarto pero sa semento  
o sa sofa ako natutulog!

Oh diba..mala Cinderella ang buhay ko!anak ng tokwa !\*@\$%#^&\*

Nakakainis kapag may nakasama kang ganyan!!!!

arGGhH...

"HOY TABA! KAPAG HINDI MO BINILISAN DYAN, SASABIHIN KO TALAGA KAY MANG JOSE NA IWANAN KA!"

Maya maya.. sumakay na kami sa kotse..

"nandyan na nga oh!"

"tch, ang bagal bagal kasi"

Hindi kasi sya makapasok ng wala ako, syempre papayag ba yung driver na  
iwanan ang asawa  
ng amo niya, syempre hindi no!

Ang bait bait ko kasing bata ehh

;P

Maya maya, nakarating na kami ng school..

"HANNAH!!!"

"MINAMI!!!"

"ano ba!ang ingay niyo, para kayong 5 years na hindi nagkita ah"

"wag mo pansinin yan minami, tinamaan na naman kasi yan ng kidlat kaya  
ganyan yan"

"tch, sino ba namang hindi iinit ang ulo mo kung yung kasama mo sa bahay,  
baboy na  
nga pagong pa kung kumilos!"

"HOY RYUU, NAGPAPARINIG KA?"

"wala akong sinasabi, dyan na nga kayo!"

Hindi kami magkaklase ni ryuu, pang -artista ang course niya ehh,  
nakalimutan ko kung anong  
tawag dun sa course niya anyway ano bang pake ko sa isang demonyo na  
katulad niya!"

Ang course ko? IT ang course ko.. mahilig kasi ako magedit at gumawa ng  
website, dito niyo ko  
maaasahan sa pag-gawa ng website..etc

"bakit ba ang init init na naman ng ulo ng asawa mo?"

"ewan ko dun, tch"

"baka naman kasi nagseselos sa lalake mo?"

"Malabo minami, alam mo namang first love niya si sumire"

"malay mo nakalimutan niya na"

Si Sumire ay ang first love ni ryuu, isa syang fashion model.. ang alam  
ko naging sila for 5  
years, pero

hindi ko alam kung bakit nagkahiwalay sila..

yun ang nakakainis..



wala akong alam sa asawa ko..

oo, gusto ko magkaroon ng isang maayos na buhay pero hindi yung ganito..

yung may asawa ka pero hindi mo alam ang tungkol sa kanya, in short para kayong stranger sa isa't isa!

Kelangan niyo magsama sa iisang bahay para maramadaman mo yung buhay na gusto mo mangyare!..

Pumasok na kami ni minami sa class namin..hindi kami magkaklase ni ryuu 1st class sya at ako ang 2nd class, yung mga nasa 1st class yun yung mga utak na hindi madescribe kung saan nanggaling at yung 2nd class, syempre yun yung mga tao na normal ang utak.. yung mga may grade na 80-90 ang average at ang 3rd class 75 - 80 average..

si Keith, ang ultimate crush ko.. 1st class din sya kaklase sya ni ryuu, pero hindi sya kagaya ni ryuu na suplado! Si keith, ay isang model, lagi syang cover ng men at women's magazine at napakadaring nung look niya, ang gusto ko sa kanya sa lahat yung nag-gigitara sya at kumakanta ng love song.. marunong din sya mag-gitara no..

basta may charisma si keith na hindi ko mapaliwanag, kung yayain niya man ako sa isang date, pwede na ko mamatay, choz, may asawa na nga pala ako.. asawang stranger = \_\_\_\_\_ =

tapos na ang class.. kaso hindi agad makalabas kasi ang daming babae sa hallway,

hello katapat lang kaya namin ang room nila keith!

Unang pinalabas yung nasa 1st class..

Syempre dali dali din akong nakipagsiksikan sa mga babae para lang makita si keith,

So what kung may asawa ako?

Eh wala namang kwenta yan..

Alam niyo ba hobbie ni ryuu?

MAKIPAGSCANDAL SA MGA BABAE!

Kaya lagi syang napapagalitan ng manager..

Tsk

Ayun..palabas na si keith!

Hindi naman ako kagaya ng babae na tumitili no, makausap lang at matitigan sya ay sobra na para saken..

"hi Hannah!"

O.O!

Naghi ba si keith saken?tama ba? Tama ba ang narinig ko na nag-hi sya saken?

OH MY GOSH!!!!!!!

Pwede na ko mamatay!!!!!!!

Hindi ko alam kung hihimatayin ba ko na hindi ko alam!!

"Hannah!, ayiee, nag-hi si keith sayo oh"

"oo nga minami ehh.. gulat nga ako, pwede na ko mamatay ngayon pa lang"

"halata nga na kinikilig ka ehh,"

"kakanta daw si keith sa bar mamaya..manunuod ka ba Hannah?"

". . . . ."

"ui kakanta daw si keith sa bar mamaya..manunuod ka ba?"

"ah..oo naman, manunuod ako.."

Biglang nagvibrate yung phone ko..

FROM: KEITH

Ui, Hannah watch ka ng concert ko mamaya ahh, inaasahan kong nandun ka,  
wag mo na

lang sabihin sa iba.. ikaw kasi yung special guest ko dun ehh

^  
\_\_\_\_\_^

OH MY GOD!!SPECIAL GUEST!?! PWEDE NA KO MAMATAY!! MAGFAFAINT NA ATA AKO..

TAKTE.. INAASAHAN NIYANG NANDUN AKO..ANO SUSUOTIN KO?

OH GOD, HELP ME!!!!!!

"hey Hannah?ok ka lang???"

"MINAMI!!, kelangan natin pumunta ng mall ngayon"

"ngayon na?"

"yes!"

"teka bakit???"

"basta!!!"

Isang klase lang ang meron kami ngayon.. kaya agad kong hinila si minami papuntang mall..sinabi ko sa kanya yung tungkol kay keith, bestfriend ko si minami kaya sinabi ko sa kanya..

"HUWAAT!!!"

"wag kang sumigaw!!, baka may makarinig sayo dito sa mall"

"kaya pala hinila mo ko dito babae ka..kinikilig ako sa inyong dalawa.."

"kaya nga kelangan mo ko tulungan kung anong susuotin ko"

"ok, tutulungan kita basta sama ako"

"sige, pero dapat hindi to malaman ni ryuu"

"ok!"

RYUU'S POV

Ako si Ryuu, asawa ni Hannah..

Yan na lang ang introduction ko para sa inyo, tinatamad na ko eh..

Sige na nga..magsasabi na lang ako ng ilang info sa inyo =\_\_\_\_\_ =

Isa akong artista na mahilig magscandalo sa mga babaeng artista na kagaya ko..

Ok na ba yang introduction kong yan?

Ok let's back to story..

Kakatapos lang ng klase namin sa math.. I'm sure ang dami na namang babae sa hallway nito..

>.<

Araw araw na lang, kung sabagay artista ako eh, malamang titilian nila ako..

Eto na palabas na kami..

Daming tao..

Oo nga pala.. sinabi ba sa inyo ni Hannah na isa akong mahangin at mayabang?

Suplado lang ako no, hindi ako mayabang tsk, wag kayong maniniwala dun sa pinagsasabi niya  
ok?

Malakas lang kasi talaga tama nung baboy na yun, baliw na ata yun eh?

= \_\_\_\_\_ =

Ok..let's back to story again..

Si keith, isa syang model, lagi syang feature sa women and men magazines,  
Kaya hindi na ko magtatataka kung pati fans ko, fans din niya..

>o<

Isa din syang singer..

May ilang album sya pero syempre mas marami akong album sa kanya, mas popular ako sa kanya ehh

;p

Sa HALLWAY..

"hi Hannah!" --- keith..

Tinawag ni keith si hannah, tapos binigyan niya pa ng smile..

For sure, BIG SMILE NA NAMAN SI TABA

Kung magtatataka kayo bakit taba ang tawag ko kay Hannah kasi mataba naman talaga sya,  
alam mo bang tuwing magkasama kami sa kotse, sya ang may pinakamalaking sakop na space sa kotse!

Kaya nga dun na lang ako sa tabi ng driver seat umuupo kasi nasisiksik ako sa likuran >.>

MANIWALA MAN KAYO O HINDI, GANYAN TALAGA SYA KATABA KAYA NGA BABOY EH!

Kaya hindi ko maimagine kapag nagkagusto si keith sa isang katulad ni Hannah na kasing taba ng baboy!

Psh,,

Isang klase lang ang meron kami..

Nasa parking area na ko pero wala parin si Hannah?

Saan na namang lugar nagsuot yun?

Bahala sya..

Mauuna na kami sa bahay..

Pero sige na nga, maghihintay pa ko ng 30minutes, kapag wala sya in 30minutes, mauuna na kami ng driver!

"sir, wala pa po si ma'am Hannah"

"tsk.. tawagan ko saglit"

Tinawagan ko si Hannah pero cannot be reach! Ano to lobat ang cellphone?!

Maya maya..



Nakalipas na ang 30minutes wala parin si Hannah,

Pinahanap ko na kay manong (yung driver namin)

Pinuntahan ni manong sa classroom pero wala na sya dun.. di kaya kasama niya si minami?

Bahala sya..uuwi na kami..

Pagkauwi sa bahay..

"sir, hindi mo po kasama si ma'am Hannah?"

"nakikita mo naman diba? malamang hindi ko sya kasama!"

Naiinis na ko..

Hindi ko sya macontact!

Pag nalaman ni mommy at daddy ang tungkol dito.. patay na naman ako

Ako na naman ang sisihin kung bakit nawala si Hannah

Kahit kelan talaga walang oras na pinahamak ako ni Hannah!

Tinawagan ko ulit sya..this time nagring sya pero hindi naman niya sinagot ==

HANNAH'S POV

Nandito na kami ngayon sa bar..

Nagbihis ako para kay keith kasi sabi niya special guest niya ko.

Kasama ko si minami..

Nakaupo lang kami dito sa bar..

Hinihintay kumanta si keith..ang heartthrob ng buhay ko <3

After ng ilang minutong paghihintay..

Nandito na rin si keith,,

Nasa stage na sya at magsstart kumanta..

"ang kakantahin ko ngayon ay para sa isang babae na special guest ko pero hindi ko na imention yung name niya kasi alam kong nandito sya kahit hindi ko sya imention  
^ \_\_\_\_\_ ^"

EVERYTIME I HEAR YOUR NAME

When you walked away from me,

And said your last goodbye

I never thought that six months on

You'd still be in my life  
I have tried to forget

Get you out of my head

But the memories won't fade

I can run I can hide from this feeling inside

But the pain won't go away  
Cause every time I hear your name

The world stops for a moment

Baby with a single word

I can see your face again

Cause every time I hear your name

The world stops for a moment

And I'm taken back to what we had

Every time I hear your name

Now I'm sure you've found a girl

To fill my empty space

But I'm stuck with the love that we shared

that time just can't erase  
I have tried to forget

Get you out of my head

But the memories won't fade  
I can run I can hide from this feeling inside  
But the pain won't go away  
Cause every time I hear your name  
The world stops for a moment  
Baby with a single word  
I can see your face again  
Cause every time I hear your name  
The world stops for a moment  
And I'm taken back to what we had  
Every time I hear your name  
And I'm taken back to what we had  
Every time I hear your name

.

grabe..ang gwapo niya talaga kumanta...

after ni keith kumanta..

nagtext saken si keith na pumunta daw kami ng backstage..

at yun nga, pumunta kami ni minami..

"I'm glad you came!"

Sabi saken ni keith ng nakangiti, haba ng hair ko XD

Syempre ngumiti din ako pero..

Pero...

Nagtigil ang mundo ko ng..

Yakapin ako ni KEITH!!

Ganito muka ni minami nung nakita niya kong yinakap ako ni keith -à OoO

"sorry.kung nayakap kita bigla.."

"hindi..ayos lang.."

AYOS NA AYOS LANG SAKEN KEITH!!! KAHIT ILANG YAKAP PA BASTA IKAW!!!

Hindi ko namalayang 6pm nap ala, patay ako nito..hindi alam ng mga tao sa bahay na gagabihin ako ng uwi TT\_TT

"ano..keith, kelangan ko na kasi umuwi ehh, gabi na eh"

"hatid na kita.."

"nako, wag na..nakakahiya naman kasi ehh"

"hindi, ok lang tyaka diba special guest kita"

"teka, pano naman ako?" --- minami

"maglakad ka na lang pauwi :p"

"Sama mo talaga keith..hindi ko alam na ganyan ang ugali mo TT\_TT" --- minami



"joke lang, hatid ko na kayo pareho"

"wag na lang keith, si Hannah na lang ihatid mo, may kadate pa ko eh,  
late na nga ako,  
sige bye!"

Langya, iniwan ako at nagsmirk?

Ano to?PLINANO?!

"Tara na?"

"teka keith.. baka kasi masira ang image mo kapag nakita tayo ng media na  
magkasama,  
tyaka alam mo namang artista ang asawa ko"

"so what?your husband love to scandal womens?"  
"pero hindi eto yung paraan para makaganti ok?"

"hindi tayo gumaganti, friend mo naman ako diba?anong issue kung ihatid  
kita sa bahay  
mo?"

"sige na nga"

"ako bahala ok?i protect you"

Oh my gash.. kinikilig ako na parang ewan PAMATAY YUNG LINE MO KEITH!!!!

Nageecho yung boses niya..

"ako bahala ok?i protect you"

"ako bahala ok?i protect you"

"ako bahala ok?i protect you"

Hindi ko maiwasang ngumiti..

Maya maya.. nandito na kami sa bahay.

"keith, thank you sa paghatid ah"

"wala yun, umatend ka naman ng concert ko eh"

"^ \_\_\_\_\_ ^"

"AYA!"

Kilala ko yung boses na yun ah?si RYUU! Teka saan naman niya kinuha yung pangalang aya?bago kong nickname?!

"oh hi honey"

"gabi ka na umuwi, magkasama na naman ba kayo ni minami?nag-alala kaya ako honey?"

AS USUAL AKTINGAN LANG TO.. wala bang pwedeng araw na hindi ka magkunware ryuu?

= \_\_\_\_\_ =

"sorry ryuu, yinaya ko kasi si Hannah sa bar ehh"

"ayos lang keith, sige..bye" yakap yakap ako ni ryuu habang sinasabi niya yan kay keith

"Hannah! Good night!"

"good night din!"

RYUU'S POV

Nakita ko na may kotseng pumarada sa harapan ng bahay, inaabangan ko kasi yung babaeng pasaway!

Pinapainit na naman ang ulo ko..

Teka kay keith na kotse yun! Wag mong sabihin na kasama niya ang asawa ko!?

WTH!

Kaya pala hindi sinasagot ang tawag kasi magkadate sila?

Wala syang karapatan na lumapit kay keith!!

>;)

MAY NAISIP AKO

Lumabas ako para sunduin si Hannah sa labas..

"oh hi honey"

"gabi ka na umuwi, magkasama na naman ba kayo ni minami?nag-alala kaya ako honey?"

= \_\_\_\_\_ =

"sorry ryuu, yinaya ko kasi si Hannah sa bar ehh"

"ayos lang keith, sige..bye

"Hannah! Good night!" may pagoodnight goodnight pang nalalaman! Tsk.

"good night din!"

Pagkapasok namin sa loob ng bahay..

Sinigawan ko agad sya!

"ALAM MO BA KUNG ANONG ORAS NA?!"

"6:30pm"

"= \_\_\_\_\_ =", alam mo bang nag-alala yung mga tao dito sa bahay?!SANA NAMAN KUNG GAGABIHIN KA NG UWI DAHIL DYAN SA KEITH MO, MAGPAALAM KA PARA NAMAN HINDI NAGMUMUKANG TANGA YUNG MGA TAO DITO KAKAHANAP SAYO!!!!!!!!!!!!!!!!!"

Wala akong naimik dahil alam kong kanina pa sya nagpipigil ng galit nung nakita niya ko pauwi kasama si keith

"AT SANA, SAGUTIN MO YUNG TAWAG SAYO!!! KASI SAYAING YUNG LOAD! TYAKA SANA WAG KA BASTA BASTA NAGPAPAKITA NA MAY KASAMA KANG LALAKE KASI KAPAG NAKUHANAN KA NG MEDIA, IKAW PA ANG MAKAKASIRA NG MAGANDA KONG IMAGE! ALAM MO NAMAN YUNG INAALAGAAN KONG IMAGE DIBA!?, "

So load lang talaga ang pinahalagahan ganun?

Pssh

Umakyat na lang ako at pumasok sa kwarto..

At NATULOG NG MAHIMBING, bahala si ryuu dyan mag-ngangawa dyan

Demonyo talaga ang dapat tawag sa kanya!

Jusko naman lord, ang bait ko naman na bata pero bakit mo naman ako binigyan ng asawa na ubod ng sama! >o<

Baka hindi na ko makasurvive nito... hays..

Maya maya nagring yung phone ko..

Hulaan niyo ringtone ko?

XD

EVERYTIME I HEAR YOUR NAME

Wahahhaa.. eto yung kanta ni keith kanina.. may album na sya nito,  
kumanta lang sya kanina..

Ang cute talaga ng boses niya dito..

Buti pa si keith..ubod ng bait..

Samantalang si RYUU!? AY NAKO.. SARAP IPASAK SA BOWL EH

Lord naman kasi, bakit si ryuu pa ang naging asawa ko, hindi na lang si  
keith?

O kaya naman kasingbait at kasing-gwapo na lang ni keith..

=(

SINUSUMPA KO TALAGA SI GIN RYUU FUJIWARA!!!!!!!!!!!!!! Kung marunong lang  
talaga ako  
mangkulam, matagal ko ng kinulam yang si RYUU! Kaso hindi ehh.. kaya  
ganito kamalas ang  
buhay ko!!!

Anak ng tokwa naman ohh

>o<

LORD HELP NAMAN!!!

RYUU'S POV

"ALAM MO BA KUNG ANONG ORAS NA?!"

"6:30pm"

"=\_\_\_\_\_, alam mo bang nag-alala yung mga tao dito sa bahay?!SANA NAMAN KUNG GAGABIHIN KA NG UWI DAHIL DYAN SA KEITH MO, MAGPAALAM KA PARA NAMAN HINDI NAGMUMUKANG TANGA YUNG MGA TAO DITO KAKAHANAP SAYO!!!!!!!!!!!!!!"

"AT SANA, SAGUTIN MO YUNG TAWAG SAYO!!! KASI SAYAING YUNG LOAD! TYAKA SANA WAG KA BASTA BASTA NAGPAPAKITA NA MAY KASAMA KANG LALAKE KASI KAPAG NAKUHANAN KA NG MEDIA, IKAW PA ANG MAKAKASIRA NG MAGANDA KONG IMAGE! ALAM MO NAMAN YUNG INAALAGAAN KONG IMAGE DIBA!?,"

Ganyan agad ang pambungad ko sa kanya nung pagkapasok namin!..

.  
. .  
. .  
. .  
. .  
. .  
. .  
. .

.

.

Himala tahimik lang sya?hindi niya din ako sisigawan?

.

.

.

.

.

.

Nagwalkout ang babae?!may ganun?!

= \_\_\_\_\_ =

Anak ng tokwa...

Wala man lang sya sasabihin na kahit ano?hindi sya magpapaliwanag sa asawa niya kung bakit sya ginabi ng uwi?

Sya na nga tong ginabi ng uwi, sya pa tong may ganang magwalkout?!

Alam niyo ba kung anong oras ang uwian namin kanina??

12;30!

Tapos 6:30pm na sya umuwi??

Nanadya ba talaga tong babae na to?!



Ay ewan..

Bakit sa dami dami namang lalake si keith pa? pwede namang iba diba?

Hindi ko naman sya karibal sa mga tv shows sa ibang channel..

Kaso sya ang dahilan kung bakit...

...

Wag na nga lang... sa ibang next chapter ko na lang ireveal kung bakit galit ako kay KEITH!

>.<

Umakyat ako para matulog na...

Ng marinig ko yung...

I can see your face again

Cause every time I hear your name

The world stops for a moment  
And I'm taken back to what we had

Kanta ni keith yun ah?  
Teka saan ba nanggagaling yung tunog?

Hinanap ko kung saan nagmumula yung tunog?

Sa kwarto ni Hannah!

Wag mong sabihin na updated sya sa kanta ni keith kesa sa kanta ng asawa niya?!

Naiinis na ko ahh

HOY MGA READERS.. BAKA ISPIN NIYO NAGSESELOS AKO.. NEVER IN MY ENTIRE  
LIFE  
AKO MAGSESELOS KAY KEITH OK? TANDAAN NIYO YAN..

TANDAAN NIYO YAN...

TANDAAN NIYO YAN..

Itatak niyo sa esophagus, balun balunan, at baga niyo yan AT LALO NA SA  
UTAK OK?!!!

Back to story..

Ng marinig ko na pinapatugtog ni TABS yung kanta ni keith.. kumatok ako..

\*knock knock\*

"sino yan?"

"si ryuu"

"bakit?ano kelangan mo?"

"may sasabihin lang ako..pwede buksan mo yung pinto"

Binuksan niya yung pinto..

Hawak hawak niya yung cellphone niya na nagpapatugtog ng kanta ni keith

Kinuha ko bigla yung phone niya..

"ibalik mo saken Cellphone ko!"

"ayoko!"

"ano na naman ba ang gusto mo!!" sigaw niya saken.. hahaha, pag nawalan kasi sya ng Cellphone, hindi niya na mapapakinggan ang kanta ni keith niya >:)

"ibabalik ko yung cellphone mo sa isang kondisyon!"

"ano namang kondisyon yun?"

"susundin mo lang naman lahat ng iutos ko sa loob ng 2 weeks, pag nagawa mo na sundin ang lahat ng gusto ko sa loob ng 2 weeks, ibabalik ko yung cellphone mo"

"eh pano kung hindi ko nakaya yung ipapagawa mo?"

"eh di wala kang cellphone"

"RYUU NAMAN EHH!!!"

"no choice ka aya, kelangan mo sundin ang lahat ng gusto ko, or else wala kang cellphone"

"k fine!, malacinderella na naman ang buhay ko ngayon"

":p"

"ano ba iuutos mo, simulan mo na ng matapos na to!"  
"ano nga ba?"

"teka ryuu, saan mo nakuha yung pangalan na aya?"

"sa yuuki at Hannah mo.. kinuha ko yung dalawang A dun sa Hannah at yung  
Y naman sa  
Yuuki mo"

"ahh"

"teka nawala tuloy..

"bukas ko na lang sabihin kung anong iuutos ko basta deal yan.. kapg  
hindi ka tumupad  
sa usapan, hindi ko ibabalik yung phone mo"

"yes sir!"

CHAPTER 2: THE DEAL!

HANNAH'S POV

nakakaawa talaga ang buhay ko ngayon..

hmpf

wala saken ang cellphone kasi napagtripan ng loko?

tama ba naman na kuhanin ang cellphone ko at magkaroon ng deal na susundin ko yung mga pinapagawa niya para makuha yung cellphone ko?

ano na naman kayang PUMASOK SA UTAK NG DEMONYONG YUN!

nako naman..

maaga akong gumising kasi una niyang task saken, kelangan gising na ko at nakapaghanda ng pagkaen before sya magising!

ANO AKO KATULONG!

HELP NAMAN PIPOL!!!

anyway wala na naman akong magagawa ehh..

>.<

nagising na nag demonyo..kakatapos ko lang magluto at magsaing..

"hoy taba.. next task mo.."

"ano?"

"i want a morning kiss from you"

"what?!MORNING KISS?NASISIRAAN KA NA BA?"

"you hear me right?akin na ang morning kiss ko"

"ryuu naman ehh, iba na lang"

"yun ang gusto ko, sundin mo kung gusto mo makita yung cellphone mo"

"sige na nga"

wala akong nagawa sa demonyong to!

anak ng tokwa...

kiniss ko na lang yung cheeks niya kahit sobrang kabado ako at namumula pa!

>///  
<

dub dub.. dub...

"good ^\_^"

"pssh..kumaen ka na dun, nakapagluto na ko"

"teka uutusan pa kita"

"ano na naman?"

"subuan mo ko!"

"huh?ano ka bata?"

"narinig mo ko diba?su-bu-an mo ko"

"k fine!"

sinubuan ko ang loko ng pagkain!, bahala sya mabulunan!

sarap patayin nitong lalakeng to ehh

at ayun nga.. sinubuan ko ng pagkaen...pero himala..hindi sya sumisigaw??

anong nakaen nito?IPIS?KAYA BUMARA SA LALAMUNAN AT NAGING MABAIT?

kung ganun nga..papasakan ko sya ng maraming ipis ng bumara!

XD

"sabay tayo kumaen ng lunch mamaya"

"ano yan?utos o hindi?"

"hindi, special request ko lang"

"himala"

"wag ka na magulat dyan, basta susunduin kita sa classroom para kumaen ng lunch ng sabay, wag kang mangiiwan ok?"

"sino kayang nangiiwan sating dalawa" bulong ko

"ano yun aya?"



"wala!, maligo ka na"

hayss..miss na miss ko na titigan yung picture ni keith sa cp

letcheng ryuu kasi yan eh,ano na naman kayang naisipan?!

>.<

arrgghh..bahala na nga..

makapagnet na nga lang muna sandali sa computer..

tinignan ko yung isa ko pang lalaking kinababaliwan..

SI MAKOTO KOSHINAKA!

parang anghel talaga yung muka niya..

hindi din kita pagsasawaan tignan!!!

nagcheck ako ng updates tungkol sa kanya

at nagulat ako sa nakita ko..

WAHHH!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!PUPUNTA SYA DITO SA PILIPINAS!!!

SA MOA ANG CONCERT!!? PUPUNTA AKO KAHIT ANONG  
MANGYARE!!

> ;)

magiipon ako ng pera para sa ticket.. 7,500PHP kapag VIP at kapag hindi  
4,500PHP

>.< mahal masyado pero afford yan!!!

magiipon ako..

AUGUST 30 ang concert niya..

may 2 months pa para mag-ipon! kaya yan..

kaso pano kung utos saken ni ryuu, gumastos ng pera??

WAG NAMAN SANA!!! AWA NAMAN!!!!

mayaya mayaya tapos na maligo at magbihis si ryuu papuntang school..

papunta na kaming school..

hindi niya ko kinukulet ngayon..

natanaw ko si keith dun sa gate...agad naman akong ngumiti sa kanya kahit hindi niya ko mapansin...

RYUU'S POV

Ilusyonada talaga tong babaeng to..ngitian ba naman si keith kahit hindi sya kita?

malakas talaga sapak nitong babaeng to..

nako naman..

alam ko na.. >:)

"goodmorning hannah!" bati sa kanya ni keith

"go-goodmorning din" aba aba..may nauutal na effect pa?buntis?

"good morning pre!" bati ko naman sa kanya

"good morning din"

bigla akong umakbay kay hannah..

tapos hinalikan ko sya sa cheeks sa harap ni keith..gulat na gulat naman si hannah sa ginawa ko sa kanya, pati mga babaeng fans ko, nagtitilian..

iba na talaga kapag sikat

hindi makaalis si hannah kasi alam niyang sa isang tingin ko pa lang sa kanya, utos ko na yun kaya sige yakap pa!

mayaya kelangan na pumunta ng classroom, hinatid ko si hannah sa classroom tapos sabay flying kiss sa kanya

kinikilig naman ang mga babae sa ginawa ko,

swerte ni hannah, nagka-asawa sya ng kagaya ko

HANNAH'S POV

Hinatid ako ng walang ya sa classroom at sabay flying kiss pa bago umalis, IFLYING KISS  
NIYA MUKA NIYA! TAMA BA NAMANG HALIKAN AKO SA CHEEKS SA HARAP NI KEITH?

== umagang umaga sira na araw ko, pano pa kaya mamaya?!

sige nga?

nako naman.. buti na lang katabi ko si minami

"anong meron sa inyo ng asawa mo?"

"wala"

"may flying kiss na kayong nalalaman ahh, naglelevel up, baka naman mamaya niyan, hindi namin alam. may pakwan ka na sa tyan mo"

"NEVER NO!"

"ano ba kasing nangyare?"

"wala, kinuha niya cp ko at kelangan gawin ko lahat ng pinapagawa niya sa loob ng dalawang linggo!, kapag hindi ko nagawa yun, wala na kong makikita na cp!"

"aww~ Kawawa ka naman"

"sinabi mo pa!"

maya maya.lunch break na..

hinintay ko yung loko kasi sabi niya sabay daw kami kumaen..

maya maya..dumating na yung loko..

"sorry, natagalan eh"

"tsh, kumaen na nga tayo, gutom na ko"

"sama natin si keith"

"huh?"

"sama natin si keith!"

"o-ok>>//.//<"

nanadya talaga tong lalakeng to.. feeling ko may masama na namang balak  
to eh

sadyain ko nga din > ;)

kinausap ko ng kinausap ko si keith.. hanggang maOP si ryuu.. buti nga sa  
kanya

kahit anong usap niya saken, hindi ko sya pinapansin..

nagulat ako ng

HAWAKAN NI RYUU ANG KANANG KAMAY KO..

pumiglas ako sa kanya pero nababasa ko sa mata niya na wag...? o kaya naman "utos ko yan"

naguguluhan na ko..baliw na ata tong asawa ko..

>.<

bigla tuloy akong nailang nung nakatingin si keith sa magkahawak na kamay namin ni ryuu pero wala..sige parin, NANADYA TALAGA TO..

LATER..

nagsimula na ang 2nd class namin..

boring..english kasi ehh..

zZZzzzzZ

hala! hindi ko namalayan na nakatulog na ko.. lagot!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

dahil sa badtrip.. lumabas muna ako..

kakausapin ko sana si keith kasi nahihiya na ko sa inaasal ni ryuu..

kaso..

hinila ako ni ryuu

"bitawan mo ko!"

"hindi kita bibitawan"

"bakt na naman ba hah?!"

"basta..dito ka lang sa tabi ko.."

this time..sya ang tumingin sa mata ko ng deretsahan..

anak ng tokwa..

HANNAH!WAG KANG MAGPADALA SA ACTING EFFECT NIYAN!!!!SUNDAN MO NA SI KEITH AT KAUSAPIN MO!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

pero wala akong nagawa.. kundi magstay sa tabi ni ryuu

bigla niya kong yinakap..

hindi ko alam kung nakalunok na naman sya ng ipis o baka this time, kwago

naman ang nilunok

niya para siguradong barado

ang labo din nitong lalakeng to ehh



dub..dub..

teka AKIN BA YUNG MABILIS NA TIBOK NG PUSO O SA KANYA?

hindi ko alam pero hindi ko mapigilan na ngumiti..

kikiligin na ba ako?

SYEMPRE HINDI!

kasi kay keith lang ako forever!!!!!!!!!!!!!!!

makalipas ang ilang araw..

matatapos na ang deal na pinagkasunduan..

at sa wakas eto na ang huling ARAW!

"TABS!, message mo katawan ko"

"ok"

minasahe ko nga yung katawan niya

"taas mo pa ng konti"

"dito?"

"oo.."

takte..feel na feel!!!!

"aya, may itatanong ako sayo?"

"ano?"

"gusto ko honest ka ah, utos ko ah"

"sige"

"nagkaroon ka na ng first kiss?"

"wala, never!"

"talaga?kahit nung hindi pa tayo kasal?"

"oo, anong klase bang tanong yan"

hinalikan na ko dati ni ryuu pero hindi sa lips, kundi sa cheeks at forehead pa lang

"eto may tanong pa ako"

"sige"

"sino mas gusto mo halikan, ako o si keith?"

"ANONG KLASE NAMANG TANONG YAN AH?!"

"basta sagutin mo na lang!"

langya namang tanong yan.. gusto ko magsinungaling pero sige na nga..MAGIGING HONEST  
NA KO..

"i-ik-ikaw!!!"

"talaga?"

"oo nga"

"kahit dream guy mo si keith?"

"oo nga kulet mo.. paulit ulit?"

"sige.."

minamasahe ko parin yung katawan niya hanggang sa makatulog na sya..  
nung nakatulog na sya..aalis na dapat ako sa kwarto niya  
pero

"dito ka lang..huling utos ko na to.."

wala akong nagawa kundi pagbigyan ang gusto niya

"teka saan naman ako matutulog nito?"

"katabi ko malamang"

"o-ok"

CHAPTER 3: MAHAL MO BA AKO?

HANNAH'S POV

Sunday morning..

= \_\_\_\_\_ =

Hindi ako makatulog ng maayos kasi natulog akong nakayakap kay ryuu..may stiff neck na ata ako dahil sa kalokohan ng lalakeng to...

Maka-alis na nga..

"kyaahh!"

= \_\_\_\_\_ =

Hinila niya ko pabalik ng kama! Ano to..gising?

"hoy loko?gising ka ba?"

Hindi sya umiimik..

"ui?gising ka ba?"

Tulog nga ata to pero para makasigurado..

Hipan ko nga yung tenga niya baka magising

"fuuuuuhhhhhh"

=\_\_\_\_\_ = hindisya nagising ibig sabihin tulog nga..

Aalis na nga ako baka kung ano pa mangyare..

Aalis na sana ako ng itumba ako ni ryuu pabalik sa kama..

Nagtutulog-tulugan ba to?

=\_\_\_\_\_ =

Kilitiin ko kaya?

Kiniliti ko pero wala pa rin.. ano to tumatayo kapag nanaginip?

Hala ka baka ganun nga!!!

>0>

"tumatayo ka ba kapag nanaginip ka?"

Para akong sira..kinausap yung tulog..

Arghh... pano ba ko makakaalis sa kinahihigaan ko dito?

Naman..

"gumising ka na kasi GIN RYUU FUJIWARA!"

Sumigaw ako sa may tenga niya pero wala parin..

TULOG MANTIKA ATA TO..

RYUU'S POV

Aalis na sana sya ng hilahin ko ulit yung kamay niya

"kyaahh!"

Napansin siguro niya na medyo gumalaw yung kamay ko at hinila yung kamay niya

"hoy loko?gising ka ba?"

"ui?gising ka ba?" tinanong niya ulit ako..

Teka bakit ganito ngiti nito?

Evil smile?

Singkit ang mata ko kaya hindi halatang hindi ako tulog >.> minsan talaga  
may kwenta kapag  
singkit

"fuuuuuhhhhhh"

Wahh.. hinipan niya yung tenga ko..makikiliti na sana ako buti na lang  
napigilan ko pa..

"tumatayo ka ba kapag nanaginip ka?"

Ako tumatayo?HINDI NO!akala siguro nito porket hinila ko sya tumatayo na  
ko kapag natutulog,  
loko talaga

"gumising ka na kasi GIN RYUU FUJIWARA!"

Bigla ako sinigawan pero bleh ;p

Bahala ka dyan..

Gumawa ka ng paraan kung papano makakaalis sa kamay ko o baka naman  
nasarapan ka na?

Hmm.. may naisip akong gawin.,

>;)

"Hannah..."

"ehha?nagsasalita ka kapag nanaginip ka?"

"Hannah.. mahal mo ba ako?"

"huh?teka nanaginip ka ba?"

"Hannah.. sagutin mo tanong ko..mahal mo ba ako??"

Dahil nakahiga pa sya sa kama ko.. ramdam ko ang panglalamig niya dahil sa tanong ko.

"oo.."

Ano?oo daw?.akala ko ba si keith?

Ang gulo naman ng babaeng to pero hindi ko maiwasan na mapangiti dun sa sinabi niya..

Ay ewan..

Binitawan ko na si Hannah pagkatapos ko marinig yung sagot na yun..teka ang tanong? Totoo ba na OO yung sagot niya..?



(a/n: yun lang)

HANNAH'S POV

Nakakatawa pala sya kapag natutulog, nagsasalita ng tulog pero hindi ko akalain na ganun yung itatanong niya saken..

HEY MGA READERS..

HINDI PO TOTOO YUNG SAGOT KO NA OO AH..

Hinding hindi mangyayare yun

(a/n: asus pinagkaila pa, eh mangyayare naman yun)

AUTHOR..kakasabi ko lang na hindi mangyayare yun ok?never! kung mangyare man na mainlove ako sa kanya, tatalon ako sa building at deal yun ok?

(a/n: ok sinabi mo eh, deal yan ah)

Back to story tayo..

Biglang binitawan niya yung kamay ko..

Hindi ko maiwasan na tignan ulit sya habang natutulog..

Ginalaw ko yung buhok niya tapos marahan na hinawakan yung muka niya..

Dub.. dub..

Teka isip ko lang ba yun o sadyang.. bumibilis yung tibok ng puso ko?

Napailing ako..

Maka-alis na nga at makabalik na sa kwarto..dun na lang ako matutulog..

>///  
//<

Nagulat ako ng makita ko yung cellphone sa drawer ko sa kwarto..

Dito niya ba tinago?

Parang hindi ko napansin.. nako naman..

0.0

Ang cute nung dolphin na keychain!!!

Binili ba to ni ryuu? Ano namang naisip nun bakit niya ko binilhan ng keychain?

Anyway ang cute talaga

Check ko nga yung images..baka inerase niya yung mga picture ni keith dito..

o.o

hindi niya binura? Kahit papano pala..anghel pala sya..

salamat!!!

Nakinig na ulit ako ng kanta sa MP3..

KYAAHHH!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

Bigla akong napasigaw ng makita ko yung VIDEO NI MAKOTO KOSHINAKA SA  
CELLPHONE  
KO NUNG KUMAKANTA SYA NG DUMMY!!!

Oh my gosh.. ang gwapo!!!!!!!!!!!!

\*NOSEBLEED\*

\*FAINT\*

Teka, saan naman kaya nanggaling yung video na to?

Hindi kaya nagdownload yung lalakeng yun para maging happy ako?!

Anyway kung sya yun..salamat!!

Kelangan ko magpasalamat sa kanya..

Pero pano??

Hmmm..

Teka kung yayain ko kaya sya sa amusement park? 4 years na rin ang nakakaraan nung huling punta namin sa amusement park..

May extra money pa naman ako..

Treat ko na lang sya sa amusement park!!!

Sa sabado ko na lang sya itreat''''''''''''''''''''

CHAPTER 4: CONFESSION AND COURTSHIP?!!

RYUU'S POV

>.<

Umagang umaga, hindi ko alam kung bakit naiinis ako sa sarili ko?

Nako nako naman..

= \_\_\_\_\_ =

Pinuntahan ko muna si Hannah sa kwarto niya..

Pero nagulat ako ng makita ko syang wala sa kwarto niya..

Saan naman kaya pumunta yung babaeng yun?

Tignan ko nga sa baba..

Pumunta ako ng kitchen at nakita ko si

Hannah..

NAGLULUTO NG BREAKFAST!?

May naaamoy akong sunog..

Kaya naman pala..

"nasaan si yaya?"

"pinaday-off ni daddy kaya ako nagluto.."

"kaya pala may naamoy akong sunog?"

"- \_\_\_\_\_ -"

"turuan na nga kita magluto"

"huh.."

"tuturuan kita kung papano magluto para sa susunod hindi na epic!"

"eh di ako na epic magluto"

"ganito kasi yan eh"

Tinuruan ko sya magluto, nangangamoy kasi yung sunog niyang luto kaya nagluto kami ng bago..

Alam niyo ba kung ano niluluto niya? Scrambled egg tyaka hotdog

Pagpriprito na nga lang hindi pa marunong!hinawakan ko yung hips niya tapos dahan dahan ko syang inalalayan na turuan magluto..

Kunyare pa tong babae na to..may pagnanasa saken to eh

Habang tinuturuan ko sya magluto..tumingin ako sa muka niya halatang  
namumula..  
nakakatawa yung expression hahahahaha

"michael..thank you pala dito sa keychain na to ah"

"keychain?"

Biglang nanglaki yung mata niya..actually sakin naman talaga galing yan..  
gusto ko lang makita  
yung expression niya..

"oo..eto oh..diba ikaw nagsuot nito?"

"hindi no"

"ah, sabi ko nga ehh..haha-haha"

"hindi ba talaga galing sayo to?"

"oo naman bakit?"

Naging malungkot yung expression niya..bakit naman kaya?

Dahil ba hindi galing saken yung keychain? Kung ganun nga..eh di totoo  
yung sinabi niya na  
mahal niya ko?! O.o if she loves me then why she kept flirting with  
keith? Playgirl ba tong asawa  
ko?

>.<



"ryuu, gusto mo pumunta ng amusement park?"

"huh?"

"sabi ko kung gusto mo pumunta ng amusement park kasi ililibre kita dun..tyaka matagal tagal na rin tayong hindi nakakapunta ng amusement park eh"

"talaga?ililibre mo ko?"

"oo nga..paulit ulit?"

"sabi ko nga eh, anong nakain mo bakit ang bait bait mo saken ngayon?"

"wala! Gusto ko lang pumunta ng amusement park"

"ayiee. Gusto niya ko makasama..nagseselos ka siguro sa mga babae na nainvolve saken"

"ako?selos, manigas ka nga..hindi no, never!"

"sige pustahan, kapag nagselos ka, hahalikan kita!"

"SIGE! At kapag ikaw naman ang nagselos kay keith, ha----"

"anong ha?"

"gagawin mo lahat ng sasabihin ko!"

"sure!, tumutupad ako sa usapan"

"sabi mon yan ah, deal yan!"

"sige!"

Pagseselosin kita ng todo todo,tignan mo lang!

>;)

"kelan tayo pupunta ng amusement park?"

"sa sabado ^ \_\_\_\_\_ ^"

"bakit ba tayo pupunta dun..?i'm sure may dahilan ka kung bakit gusto mong pumunta dun"

"kasi doon magshooting yung tv drama ni keith na ipapalabas this weekend.."

"kaya pala?kaya pala gusto mo akong ilibre kasi gusto mong makita sya ng pasimple, ganun ba?"

Nagnod na lang sya

"hindi na ko sasama"

"wag ka namang ganyan ryuu, dalina kasi! PLEASE!!!!!!!!!!!!!!!"

"AYOKO!"

"PLEASE!"

"kiss mo muna ako!"

"= \_\_\_\_\_ ="

"oh bakit? Diba gusto mo ko sumama, then kissed me"

"sige na nga"

Hinalikan niya ko sa cheeks..

Teka ngayong mga nakalipas na araw.. para akong naaadik sa mga halik ni Hannah este ni aya?

ANO MERON?!

HEY READERS, IF YOU KNOW THE ANSWER THEN POST YOUR ANSWER IN COMMENTS AREA BELOW!

SO I KNOW THE ANSWER! XD

"Sige, sasama na ko"

"yehey!! I love you ryuu!"

"what?"

"w-wala.. basta sa sabado ah ^\_^"

"na-nag I love you ka eh, ano ibig sabihin mo dun?"

Takte, pinipigilan ko mautal!

"i- I love you kasi pinagbigyan mo ko sa gusto ko, don't get it wrong ok?"

DUB... DUB... DUB...dub.. dub...

Takte, bakit puro dub dubang naririnig ko?

Tsk.. baka guni guni ko lang yun, yaan mo na nga

HANNAH'S POV

Nag makaawa ako kay ryuu para lang samahan niya ko..

Alam kong may kapalit kapag nagmakaawa ako kaya inihanda ko na sarili ko sa ipapagawa niya

"kiss mo muna ako!" sabi na eh..

ANO?KISS!!!! NEVER!!!!!!! I NEVER GIVE MY KISS TO ANYONE EXCEPT KEITH!

(a/n: assuming? Wala namang sinabi sa lips diba?)

"= \_\_\_\_\_ ="

"oh bakit? Diba gusto mo ko sumama, then kissed me"

"sige na nga"

Hinalikan ko sya sa cheeks..

Naririnig ko na naman yung..

Dub..dub... dub..

Weird na tunog na yun..

"Sige, sasama na ko"

"yehey!! I love you ryuu!" TANGA! ANONG NASABI KO?

HEY READERS! TELL ME!!! Anong nasabi ko? Biglang bumubuka yung bibig ko, hindi ko makontrol!

"what?"

"w-wala.. basta sa sabado ah ^\_^"

"na-nag I love you ka eh, ano ibig sabihin mo dun?"

Sabihin niyo nga saken.. namumula na ba face ko sa sobrang kaba? Baka kasi isipin nitong lalakeng to may gusto ako sa kanya eh

Pwes NEVER!!!

"i- I love you kasi pinagbigyan mo ko sa gusto ko, don't get it wrong ok?" Inexplain ko sa kanya yun.. takte.. BAKIT AKO NAGEEXPLAIN??!

= \_\_\_\_\_ =

Ok.. nageexplain ako sa kanya kasi ayoko na isipin niya na may gusto na ako sa kanya, baka isipin kasi ni keith na pinagtataksilan ko sya ehh..hinding hindi ko pagtataksilan si keith, kahit anong mangyare!

Never! Sya lang ang mamahalin ko hanggang sa kahuli-hulihang hininga ko..

LALIM! SHET! XDDD

Pagpasensyahan niyo na ang lola niyo, nabaliw na naman kay keith, ang gwapo niya kasi ehh!!

Nakakatunaw bawat tingin niya..

Ano ba keith!! HINDI KA BA NAPAPAGOD SA KAKATAKBO SA ISIPAN KO?!

>> IMAGINATION (A/N: short imagination lang po to ni Hannah)

HANNAH - Ano ba keith!! HINDI KA BA NAPAPAGOD SA KAKATAKBO SA ISIPAN KO?!

KEITH - Hinding hindi ako mapapagod kakatakbo sa isipan mo basta sa puso mo ako dederesto

>>end of dreaming<<

Takte, banat!!!!!!!!!! Sana mangyare na sabihin saken ni keith yun, kapag nangyare yun!! Nako..

Pwede na ko MAMATAY!!!!!!!!!!!!

"HOY, BALIW KA NA NAMAN DYAN..ngumingiti ng walang dahilan?"

"sorry naman.. may naisip lang ako"

Dahil sa kakadaydreaming ko..Hindi ko namalayan na nasa kotse na pala kami at papunta ng school..

Sa gate pa lang ng school, dami ng babae na nakapaligid at naghihintay sa prince charming nila..

Ewan ko ba, bakit naging prince charming nila tong walang kwenta na to..

Psh..

\*sighed\* bigla akong napabuntong hininga

"oh bakit ka napabuntong hininga?nagseselos ka na siguro?"

"tumahimik ka nga, never..kakasabi ko lang kanina diba?"

Bigla kong nakita si KEITH!!!!!!!!!!!!!!..

SHET!!! ANG GWAPO!!bakit ganun? mas lalo syang nagiging gwapo kapag nakikita ko sya..

Kung sabagay, gwapo na naman talaga sya...

Napangiti na naman ako ng wala sa oras..

"tapos nakangiti ka na naman?dadalhin na kita sa mental" inis niyang sabi saken

"ewan ko sayo, hindi ka na nasanay saken, alam mo namang baliw na baliw ako kay keith, syempre kapag bad mood ako, makita ko lang sya, buo na araw ko!"

"sana ako na lang nakakabuo ng araw mo...at hindi sya"

"may sinasabi ka?"

"wala!, ang binge mo talaga minsan!, bumaba ka na nga sa kotse"

"tignan mo to.. split personality?"

"ewan!"

Tsk.. ako pa daw yung baliw, eh sya tong parang may tama, sya dapat dalhin sa mental!

Syempre.. sa gate pa lang..sinalubong na kami ng ubod ng dami ng girls sa gate..



As always naman diba?

Dun na nga ako sa gate 2 dumaan..

Hanggang sa may nakabangga akong lalake ng hindi sinasadya..

"ouch!"

"sorry mis, nasaktan ka ba?"

"nakita mo naman na umaray ako diba? malamang nasaktan ako!" sagot ko sa kanya ng pasigaw..

"sorry mis, dalhin na lang kita sa clinic, ano name mo?"

"Yuuki Hannah Hirano Fujiwara"

"wow, kapatid mo ba si Ryuu Fujiwara?"

"hindi, asa-----"

Bago ko pa masabi na asawa ko yung demonyong yun.. nakita kami ni ryuu at ni keith..

O.O

Lumapit si ryuu saken.. tapos sumunod si keith..

"hey! What are you doing to my wife!?" -- ryuu

"wife?"

"yes, she's my wife" -- ryuu

"sorry.. hindi ako tumitingin sa dinadaan ko kaya nabangga ko sya at..  
"

Nakatingin lang ako sa kanilang dalawa habang nag-uusap sila ni ryuu..

Bigla namang huminto ang mundo ko nung kinausap ako ni keith at tinanong kung..

"ok ka lang?" - keith

"opo.." sagot ko naman sa kanya, hindi ko maiwasang ngumiti, takte naman oh.. wrong timing ako kiligen

"dalhin na kita sa clinic" -- keith

"si-sige po"

"wag ka na magpo saken, friends naman tayo eh, hindi ako sanay"

Naguusap parin si ryuu at yung lalakeng nakabungo saken..

Tapos kami naman ni keith.. dahan dahan niya akong tinayo at dinala sa clinic, yung dalawa parang walang pakielam, tsk

Nakaakbay ako sa kanya..hindi ko maiwasan na mamawis yung kamay ko..

>///  
< nakakahiya..

"mukang kinakabahan ka ah, namamawis ka kasi"

"wah, sorry.."

"hindi ayos lang, haha, ang cute mo tignan"

"thanks, teka hindi ba magagalit yung fans mo saken?,kasi may asawa na ko pero eto kasama mo"

"you know, wala naman akong pakielam kung may asawa ka na o wala eh, kasi ganun parin naman yung turing ko sayo"

"thanks!"

Mas lalong huminto ang mundo ko ng..

"Alamo kung wala kang asawa, liligawan kita!"

"huh?"

"sabi ko kung wala kang asawa, liligawan kita"

"ahh, hehe"

"teka diba arranged marriage lang ang nangyare sa inyo.. what if kung ligawan kita kahit may asawa ka, magpapaligaw ka ba"

"err"

"I mean, dahil arranged marriage kayo, syempre hindi niyo pa gusto ang isa't isa tyaka hindi pa naman kayo legal husband and wife right? What if kung mahal na kita at liligawan kita, may pag-asa ba ko sayo?"

OH MY GOD!!! ANG HABA NG HAIR KO!!!!!!!!!! TEKA HINDI KO MAIWASANG NGUMITII!! AMF, PIGILAN NIYO KO KILIGIN DITO..

BAKA MAGFAINT AKO NG WALA SA ORAS!!!!!!!!!!!! READERS!!! HELP ME!!!!!!!!!!!!!!

"oo naman"

SHET!, ANONG NASABI KO?HETO NA NAMAN ANG BIBIG, KUSANG LUMALABAS!!!

"oo?"

"I mean.. err"

"mukang hindi pa malinaw ang sagot mo.. take your time, maghihintay ako"

Malapit na kami sa clinic ng matapos dun ang usapan namin, oh my gosh!  
Anong gagawin  
ko?!!!

Argghh..

Help me!

Ginamot na ng nurse yung paa ko.. sakto kasi nung nabangga ako nung isang  
lalake..natalisod  
ako kaya napaupo ako..

Kaya eto may sprain ng bongang bonga..

Pagkalabas na pagkalabas namin ng clinic..

"keith, dun sa tanong mo kanina kung.."

Biglang dumating ang demonyo

"hon!, ok ka lang" -- ryuu

"yep"

"ikaw kasi hon, sa susunod magiingat ka na" -- ryuu

"sorry"

"tara na, ihahatid na kita sa classroom mo, keith pare, thanks sa  
paghatid sa ASAWA ko  
ah,"-- ryuu

"wala yun pre, basta si Hannah" -- keith

"tara na hon"

Yakap yakap na naman ako ng sira ulong to..

Aalis na sana kami pero tinawag ko ulit si keith, bibigyan ko na sana sya na sagot na OO eh kung hindi lang dumating tong demonyo na to!

"keith..uhmm, dun sa tanong mo kanina.."

"wag mo na alalahanin yun, nagjojoke lang naman ako, sige punta ka na sa classroom, ingat ka ah"

ANO?BIRO LANG YUN?! WHAT A JOKE?!

TT\_\_\_\_\_TT keith naman ehh >.<

Bwiset na demonyo kasi to.. sasagot na ko ng OO, napurnada pa!!!

"oh bakit ka nakanguso dyan?"

"tinatanong mo ko, eh ikaw kaya may dahilan kung bakit ako nakanguso"

"hala ka..ako pa nga?!"

"oo, kasi liligawan ako ni keith tapos sasagot na sana ako ng OO kaso  
DUMATING KA  
TAPOS YINAKAP YAKAP MO PA KO SA HARAPAN NIYA!"

"so ako pa may kasalanan, buti nga pinuntahan pa kita"

"wala akong pakielam kung pinuntahan mo ko o hindi, sayang talaga"

"tsk, sa susunod, hindi na talaga kita pupuntahan"

"oo talaga! Wag na wag mo na kong pupuntahan, teka bakit mo nga pala ako  
pinuntahan"

"nag-aalala kasi ako kaya pinuntahan kita dito.. ihahatid sana kita sa  
classroom kasi  
alam kong napilayan ka, tatanga-tanga ka kasi"

"oo na, tsk"

ANO?nag-aala sya saken?himala ba to? Phew..

Pwede na ko magpakamatay, hahaha

"ang landi mo aya"

"bakit ako ang malandi? Eh sa mahal ko sya ehh, ikaw kaya ang malandi  
dyan kasi ang  
dami mong babae"

"so selos ka? Kakabit ka na nga lang sa karibal ko pa sa artista"

"hindi ako kumakabit no"

"excuse me, asawa mo ko at kasal tayo, anong tawag mo dun?"

"excuse me din, KASAL LANG TAYO SA PAPEL.."

`so gusto mo totohanan?!

`wala akong sinabi, dyan ka na nga!

## CHAPTER 5: THE WEIRD SOUNDS IN MY HEART

RYUU'S POV

Nakakabadtrip yung babaeng yun, ako na nga ang nagmagandang loob na ihatid sya dun sa classroom dahil napilayan sya, tapos sya pa tong galit!

At ako pa talaga ang may kasalanan kung bakit napurnada yung OO niya dun sa \$%#!& INANG KEITH YUN

PURO KEITH NA LANG LAGE! Wala ba syang ibang muka kundi KEITH? Keith na lang bal age?! Pwede namang RYUU diba?pwede naman kasing ako na lang diba?

BWISSET TALAGA!!!

BAHALA NGA SYA SA BUHAY NIYA!magsama sila ng keith niya! Takte..

argGgGhHh..

HUMANDA SILA SAKEN SA SABADO!



>;) I'LL MAKE HER DAY MISERABLE! !!!

Pumunta na ko sa classroom.. nagulat ako ng..

NANDUN SI SUMIRE!

Nasabi ba sa inyo readers na si sumire ang ex girlfriend ko?

Ang totoo sya lang ang babaeng minahal ko nung wala pa si Hannah sa buhay ko..pero nagbreak kami kasi parehas kami busy sa isa't isa kaya hindi kami nagkikita kaya mas minabuti ng magbreak kami kesa naman kami nga pero hindi kami nagkikita?

Tch..mahal ko parin si sumire, hindi sya maalis sa puso ko kahit nga nung kinasal kami ni Hannah, si sumire lang ang babaeng nakikita ko..

At yung weird na tunog na yun, hindi ko pa naririnig yun kahit kelan.. ngayon pa lang mula nung nakasama ko si Hannah, NAHAWA na ata ako sa kaweirdohan nung babaeng yun, >.<

"hi ryuu!"

"oh hi"

"musta?"

"ayos lang"

"ugh.. gusto mo kumaen tayo ng lunch mamaya ng sabay?"

"sure!"

"hindi ba ko pagseselosan ng asawa mo?"

"nope, ano ka ba.. hindi naman selosa yun ^\_\_^ tyaka wala naman akong kasama mamaya kaya sabay na tayo"

"sure"

Magkatabi kami ni sumire ng upuan, kagaya parin sya ng dati, maganda at mabait..

Kung ligawan ko ulit si sumire? Magpapaligaw naman yung asawa ko sa iba, kapag nangyare yun pwede na kami magdivorce..

Mahal ko talaga si sumire..

"so how's your life? Happy ba?"

"nope" tumingin ako sa mata ni sumire..

"why?"

"kasi nagpakasal ako sa babaeng hindi ko naman mahal... tapos yung babaeng mahal ko wala saken..kaya pano ako magiging Masaya?"

Biglang naging malungkot ang muka niya, siguro alam niya na sya ang tinutukoy ko

"ah, ganun ba.."

"sumire, gusto mo pumunta sa lagi nating pinupuntahan dati?"

"alin?dun sa lugar kung saan tayo nanunuod ng paglubog ng araw?"

"yep"

"sure!, eh kelan naman tayo pupunta doon?"

"gusto mo sa Sunday?"

"hindi ako pwede, may gagawin ako nun, sabado na lang"

"si-sige, wala naman akong gagawin sa sabado, ^ \_\_\_\_\_ ^"

Oo nga pala, may gagawin pala ako sa sabado, sasamahan ko nga pala si tabs..

Patay, hayaan mo na nga, magpasama na lang sya kay minami!, mas importante saken si sumire kesa kay tabs


pinasok muna namin yung mga gamit namin sa hotel..seperate ang hotel ng boys at girls..means dun kami sa isang building at dun naman ang girls dun sa kabilang building..tinulungan ko muna si hannah, magpasok ng mga gamit niya..

tapos ako naman ang tinulungan niya oha oha FAIR KAMI! XD

sayang, gusto ko makasama si hannah pero hindi pwede, this time this policy is true.. yung tungkol dun sa maikling short ni hannah, wala naman talagang sinabi tungkol dun sa orientation since na magkahiwalay naman ng building ang boys at girls, ayaw ko lang talaga syang pagsuotin ng maikling short.. inaamin ko sexy si hannah, sexy talaga sya kaya dinahilan ko na lang yung tungkol dun sa orientation blah blah na yun..

mahirap na no, may mga manyakis akong mga kaklase.. kabilang na dun si eiichi..

baka nagtataka na si hannah ngayon, sa mga suot ng kaklase niya sa pool..

HANNAH'S POV

"hoy minami, bakit ang ikli ng short mo, bawal yan ah"

"bawal?pwede kaya,"

"hindi no, sinabi kaya dun sa orientation"

"walang sinabi sa orientation na ganun hannah, sino ba maysabi niyan sayo"

"si ryuu"

"pfftt..kaya naman pala ehh"

"tss.. anong kaya?may extra short ka?gusto ko talaga magswimming kaso pano ako makakapagswimming nito?"

"hahah, two piece na lang pahiramin ko sayo"

"TWO PIECE!?!"

"oh bakit?dati nagsusuot ka din naman nun ahh"

"oo nga pero?"

"ayaw mo?"

"sige na nga"

dahil sa kagustuhan kong magswimming, sinuot ko na yung two piece ni minami, magkasize lang kami ni minami, kaya nga bestfriend kaming dalawa, kahit sa size ng damit, parehas kami..

at ayun nga..naligo kami ni minami..

ano kayang ginagawa ni ryuu sa building?

tss...

anyway.. swimming na nga lang ako...

MINAMI'S POV (SHORT POV LANG PO ITO)

buong magdamag kami nagswimming ni hannah, tss..

ang loko talaga ng asawa niya..bawal daw magsuot ng short ahh?

if i know kaya niya ginawa yun dahil madamot sya pagdating sa katawan ni hannah, tss..

loko talaga..

after namin magswimming, kumaen na kami..dun lang kami nagkita kita ng mga lalakeng kong kaklase..

sama sama kasi kapag kainan..

after namin kumaen, kanya kanyang balik-balikan sa room., napansin ko si keith na kanina pa nakatitig kay hannah,

hay, ang love nga naman..

NO ONE CAN'T CONTROL

tss...

katabi ko si hannah matulog..

nagusap usap pa kami..

nagkwento sya tungkol kay ryuu..ano ba kasing bagay ang hindi makita ni hannah at hindi niya maintindihan na mahal na sya ni ryuu

LOVE IS BLIND talaga hahaha

natulog na kami ni hannah, maaga pa daw kami magtotour bukas...

zZzZzzZzzZzzzZz

CHAPTER 16.2: I KISSED HIM!

HANNAH'S POV

\*yawn!\*

Maaga kaming ginising ng mga respected teachers namin..

Tapos may exercise program na ginawa, lahat ng estudyante, kelangan  
mageexercise, kung  
sino yung katabi dun sa bus, yun yung katabi mo sa exercise program,  
malamang na  
malamang, si ryuu ang katabi ko, tss..

"hoy babae, mageexercise ka nga, pagnahuli ka na hindi ka nageexercise,  
lagot tayo"

"tss, bakit kasi kelangan pa mageexercise??pwede namang hindi diba?"

"para saan pa ang physical fitness na subject kung walang exercise ha?"

Si ryuu talaga, nakakainis, porket kasi physically fit sya, ang yabang yabang na niya, sya kasi nageendorse nung fitness center eh kaya ganyan sya kayabang

"hoy Hannah, at ryuu tumigil na nga kayo.. magexercise na lang kayo"

Saway samin ni minami, aba aba, sinasaway na kami?

LOL..hahaha

Wala akong choice kundi magexercise, kinarir ko yung exercise kasi nga walang choice, ang yabang yabang kasi ni ryuu ehh,

>.<

After naming magexercise, kumaen kami.. parang baligtad ata?diba dapat after kumaen yun?

Anyway, ano ba pakielam ko..

After namin kumaen.. kanya kanyang punta sa pupuntahan, may binigay na listahan yung mga pupuntahan.. kanya kanyang estudyante ang puntahan..

Malalaman parin daw ang mga estudyante na hindi pumunta dun sa mga listahan dahil kada punta mo may ibibigay sayo, kelangan makompleto mo yung sampu na item na makukuha mo sa sampung place na pupuntahan mo kasi icheck yan ng mga teachers

AYOS AH?parang treasure hunting lang?

Pagby bus kasi ang ginawa, walang time yung estudyante na makabili ng mga souvenir blah  
blah, kaya ganun na lang ang ginawa, kaya pala 6 na araw kami dito, tss pero ang cute ahh,  
kasi hindi sya kagaya ng ibang school na by bus.. by barkada ang puntahan..

Para kung hindi matapos yung 10places na pupuntahan, may bukas pa?kung tinatanong niyo  
kung sino kasama ko?TINATANONG PA BA YAN? Malamang si ryuu..

Oo, si ryuu lang, nakakainis si minami ehh, iba daw ang place na pupuntahan nila kasama si  
keith at si eiichi kaya eto..

Si ryuu lang ang kasama ko..

Una naming destination?

Burhamn park

Pagkapunta namin ng burhamn park, tsineka ng guard yung id namin at may binigay samin na  
souvenir, alam ko na, souvenir yung makukuhang item kada punta sa ibang destination

Nice one!

Ang ganda talaga dito..



Sumakay kami ni ryuu dun sa may duck.. yung papadyakin mo, yun nga lang mahaba ang pila, pero ayos lang yan, maaga pa oh..

8am pa lang ehh

"nageenjoy ka ba Hannah?"

"oo naman, ang saya kaya dito"

"hindi halata na Masaya ka, hahaha"

"ahh..."

"picture nga tayo Hannah.."

"ehh?"

"dali na, sayang naman kung walang souvenir tayo ehh"

"sige na nga.."

Nagpicture kami ni ryuu..

May picture na hinalikan niya ko sa cheeks..

At may picture din na hinalikan niya ko sa forehead..

At may picture din na...

AKO ANG HUMALIK SA KANYA SA CHEEKS..

"so-sorry ryuu"

". . . . ."

Ang tanga mo Hannah, BAKIT HINALIKAN MO SYA? ALAM MO NAMAN NA SI SUMIRE  
ANG  
GUSTO NIYA DIBA?UMAYOS KA NGA HANNAH, ITATAK MO DYAN SA ISIP MO NA HINDI  
MO PWEDE MAHALIN SI RYUU!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

---awkward moment---

"uh..ryuu, gusto mo kumaen muna tayo ng ice cream?"

"sige"

nakakainis.. siguro nainis sya kasi hinalikan ko sya, alam ko naman kasi na si sumire ang gusto niya pero hinalikan ko parin sya

>.<

wala ka na naman sa sarili mo hannah, umayos ka nga!

kumaen kami ng ice cream ni ryuu..

awkward moment parin..ano ba yan, asawa na awkward moment pa din

BAKIT KASI HINALIKAN MO PA SYA HANNAH!!!!!!!!!!!!

bakit????!!!!!!

tsk...

"ryuu!"

"oh?"

"sorry dun sa gi-ginawa ko.."

"saan?"

"dun sa kiss na ginawa ko.. >///  
<"

"bakit ka nagsosorry??"

"kasi hinalikan kita.."

"tss, hindi ba halata na natuwa ako nung hinalikan mo ko?"

"huh?"

"ewan ko sayo hannah, slow mo masyado"

"yabang mo talaga"

"ano kasi sa parteng NATUWA AKO NUNG HINALIKAN MO KO ang hindi mo maintindihan.."

"ta-tara na nga!" yan na lang ang nasabi ko nung sinabi niya yun..tss

parang ewan din tong si ryuu..bakit kasi ang gulo niya, para tuloy kaming teenager nito at hindi magasawa sa pinag-gagawa namin...

habang naglalalakad kami..

nabungo ako ng lalake kaya naman muntik na ko madapa buti na lang nahila agad ako ni ryuu..

papalapit sa kanya..

"ang lampa lampa mo talaga hannah, akin na nga yang isang kamay mo, hahawakan ko para hindi ka madapa"

"YABANG!"

"eh di ako na mayabang"

"talaga!!!!!!!!!!!!!!"

magkahawak kami ng kamay ni ryuu..

takte ano ba tong nararamdaman ko..kinakabahan na ewan..

tss,

mahigpit niyang hawak hawak ang kamay ko, parang hindi na niya bibitawan..

RYUU'S POV

nakakainis talaga tong si hannah, ano ba sa parteng mahal kita ang hindi niya maintindihan,  
paulit ulit ko na ngang sinabi na mahal ko sya eh

TT\_\_\_\_\_TT

or baka nagbubulagbulagan at nagbibingihan sya na hindi niya maintindihan yung sinasabi ko..

alam niyo naman readers diba?

kung gaano ko sya kamahal

kung gaano ko kamahal si YUUKI HANNAH HIRANO FUJIWARA!

ay ewan..

ang mas mahalaga ngayon, hawak hawak ko ang kamay ni hannah..

kinakabahan sya, at ramdam ko yun..tss

pumunta kami sa next destination namin.. dun sa back horse riding..

nagbackhorse riding kami ni hannah..

solo kami nagback horse riding..

ang daming tao...

ang daming marunong mapatakbo ng kabayo..

kami ni hannah..

paunahan makarating ng finish line..

pero hindi gaano mabilis yung takbo ng kabayo, takot kasi si hannah eh  
kaya para fair kung  
gaano kabilis ang takbo ni hannah, ganun din kabilis ang takbo ko..

tss..

pero kung ganun, tabla kami..engot talaga

kaya naman medyo binilisan ko ng konti, may parusa daw ang mahuli eh

"oh pano ba yan hannah, ako ang nauna"

"ang daya mo, sabing wag mo bilisan eh"

"kapag hindi ko binilisan, walang mananalo, eh di walang kwenta yung deal"

"tss, ano na parusa mo?"

"hmmm... makipagholding hands ka saken hanggang makauwi tayo?"

"ehhh"

"bakit , magasawa naman tayo kaya ok lang"

"gusto mo ba pagkaguluhan tayo?"

"walang masyadong nakakakilala satin dito kaya ok lang, just act that we're normal couple"

"pero"

"please???"

"ok!"

ok, sa talambuhay ko, first time ko magplease sa isang tao..

may narealize akong isang bagay, kapag kasama ko si hannah, nakakagawa ako ng bagay na hindi ginagawa ng isang artista..

kahit kelan, hindi ko nagawang magbaba ng pride sa kahit kanino, maliban kay hannah..

tss..

ano ba yan, ang corny ko na naman..

ano kayang pwedeng gawin para ipatindi ko sa kanya yung feelings ko??

tss

BAKIT KASI ANG SLOW MO HANNAH!

bakit kasi nagkaroon pa ko ng slow na asawa diba??

amf...

pagkatapos namin pumunta ng back horse riding, kumaen kami sa may mall..

doon ang next destination namin...

"ang lamig naman dito ryuu"

"malamang mall eh"

"tss"

"gusto mo akbayan kita?"

"tss, pano mo ko mahahawakan sa kamay kung nakaakbay ka saken?"

"then let's change the deal muna"

"panong change?"

"aakbayan kita, aakbayan mo ko?"

"ehh??"

"eh kasi nilalamig ka diba kaya lets change the deal"

"tss..kung hindi lang siguro ako nilalamig"

"hahaha. wala kang choice"

inakbayan ko sya at inakbayan niya din ako.. dun sya humawak sa may  
bewang ko.. tapos  
nakaakbay naman ako sa kanya..



tss..SWEET DIBA???

hindi ko tuloy magawang hindi ngumiti... hahaha

pumasok na kami at bumili kami ng iba't ibang souvenir, sayang naman kasi kung hindi kami bibili diba??

binilhan ko sya ng pillow na may nakalagay na i love you..

tss..

ano ba yan.. nacocornihan na ko sa sarili ko...

>///  
<///  
>///  
<///

after namin bumili ng mga kung ano ano, nagpicture naman kami..

tapos kumaen kami sa restaurant..

after nun, umuwi na kami..

"ryuu TT\_\_TT"

"oh bakit ganyan ang muka mo?"

"hindi ko na kaya maglakad, sakit na ng paa ko.."

"pano yan??"

"kargahin mo ko ^\_^" nung sinasabi niya na kargahin mo ko,nagliiwanag ang mata niya,  
parang bata talaga

"bata?"

"sige na ryuu"

"sige na nga"

umangkas sya sa likoran ko, infairness ang gaan niya, parang bata

"ang bigat mo hannah?"

"ako mabigat?yabang mo, 75lbs lang ang timbang ko tapos mabigat pa ko nun?"

"sinungaling yung timbangan"

"yabang"

"hahaha"

"pero ryuu, salamat ahh, kasi binuhat mo ko"

"sus.. kahit sa kwarto pa"

"yang pagiisip mo na naman ryuu ahh"

"bakit may sinabi na ba ko?"

"ewan"

maya maya.. nakabalik na kami, nakatulog na rin si hannah habang pasan pasan ko sya kaya naman nagpaalam ako sa teacher na nakaassign sa girls building na ihatid ko sya hanggang sa kwarto, pinayagan naman ako ng teacher

nagpasabi din ako kay minami na palitan yung damit ni hannah, basang basa kasi ng pawis ehh tyaka pakikumutan na rin

after ko ibilin ng lahat yun kay minami, umalis na ko pero syempre bago ako umalis, hinalikan ko si hannah sa noo..

nakita ni minami yun at alam ko na kung ano ang tinatakbo ng isip niya...  
after nun, bumalik na ko sa building, gabi na rin kasi ng makauwi kami...  
tapos natulog na ko..

#### CHAPTER 16.3: HOLDING HANDS TOGETHER

HANNAH'S POV

Pagkagising ko, nandito na ko sa kwarto ko..

Sinong naghatid saken dito.

..

...

....

.....

Oo nga pala, hinatid nga pala ako ni ryuu dito..

Nagpaangkas ako sa kanya kasi masakit paa ko kagabi kaya nagpakarga ako  
sa kanya at  
nakatulog ako..

\*I LOVE YOU!\* \*I LOVE YOU\*

Biglang nagring yung phone ko..

Haha, kakaiba ringtone ko no, ano kasi eh.. si ryuu kasi >.< ewan ko  
kung anong nasa isip  
niya pero nirecord niya yung boses niya at nagsasalita sya ng I love you  
tapos yun ang guso  
niyang ringtone ko..

Nirecord niya yan sa cellphone ko..

>///  
<///<

Oops, si...

Si...

Si...

SI KEITH TUMATAWAG!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

Teka mga readers, sasagutin ko ba to o hindi.. nakakakaba kasi eh,ilang  
araw na kaming hindi  
nakapag-usap..

>///  
< aish...bahala na nga..

"hello" (Hannah, si keith to.. pwede ba tayo magkita sa baba sa may park..gusto lang kita makasama pls)

Sa mga sandaling sinabi ni keith na gusto niya ako makasama, sumisikip ang dibdib ko, parang hindi tama to..

Pero wala namang masama kung kahit sandalilang lang diba..

"su-sure!"

Nag-ayos muna ako ng sarili, wala pa namang masyadong tao ehh..

Buti na lang maaga ako nagising

After ko mag-ayos ng sarili, bumaba na ko..

At nakipagkita kay keith..

"musta?"

"ok lang, ikaw?"

"ok lang din, tagal nating hindi nakapagusap, mahal mo na siguro si ryuu"

nung sinabi niya na mahal ko na siguro si ryuu.. parang sumasang-ayon ang puso ko na ayaw ng utak ko..

"hi-hindi no.."

"Hannah" nilapit niya yung muka niya saken..

"ba-bakit"

"mahal mo pa ba ako?"

"oo, mahal na mahal.." hinawakan ko yung muka niya.. hindi ko alam pero sumisikip ang dibdib ko, feeling ko hindi lang ako ang nasasaktan..

Hindi ko mapigilan na hindi umiyak

"Hannah, bakit ka umiiyak, may problema ba?"

"wa-wala keith, Masaya lang ako.."

Masaya nga ba ako?

Takte naman, naguguluhan talaga ako..

Pinahiran niya yung luha ko at hinalikan sa forehead..

May nagsasabing mali at tama ang ginagawa kong to.

>.<

After nun, nagjoke ng nagjoke si keith..

Tawang tawa naman ako sa mga joke niya "ayan, tumawa ka na ulit"

"ahh, salamat ahh"

"ayoko ng nakikita kang umiiyak"

"opo"

"promise yan ahh"

"promise po" pinisil niya yung muka ko, tapos naglakad kami, hawak niya yung kamay ko..

Pero wala ni isang weirdong tunog akong naririnig..

Ang gulo naman..

Parang sasabog ang puso ko ng makita ko si ryuu sa harapan namin..

"morning pre!" - keith

"morning din pre, ang aga niyo magkasama ng asawa ko ahh"

"nagkwentuhan lang kami"

"nagkwentuhan ng magkahawak ang kamay?"

Bigla kong binitaw yung kamay ko kay keith

"parang ganun na nga pre, nagseselos ka ba?"

"hindi ako nagseselos, makakasama lang sa image naming dalawa ang pagsasama  
niyong dalawa, mamaya may nakakalat ng reporters dyan"

Ganun? makakasama lang pala sa image naming dalawa ang inaalagaan niya...

Tss..

Parang gusto ko maiyak na hindi maintindihan..

Sanay na naman akong ganyan si ryuu ehh pero bakit ngayon lang ako nasasaktan ng ganito?

ANG TANGA MO NAMAN HANNAH..

Ang tanga tanga mo..

Hinila ni ryuu yung kamay ko..

Nung malayo na kami ni ryuu kay keith..

Bigla akong tumigil..

"hoy babae, tara na"

"ayoko, mauna ka na"

"hindi ako tanga para iwan ka dito"

"iwan mo na nga ako!"

"umiiyak ka ba?"

This time, hindi ko na mapigilan umiyak..si ryuu kasi ehh >.<

"eh ano naman kung umiiyak ako?WALA KA NAMAN DIBANG PAKIELAM SAKEN DIBA?IMAGE MO LANG ANG INIITINDI MO..!!!!hindi ko alam pero NASASAKTAN AKO



TUWING SINASABI MO NA IMAGE ANG MAHALAGA SAYO AT HINDI AKO!akala ko NAGSESELOS KA TALAGA TUWING MAGKASAMA KAMI NI KEITH PERO HINDI NAMAN PALA.. hindi ko maiwasan na UMASA NA NAGSESELOS KA, KASI NAGSESELOS RIN NAMAN AKO KAPAG MAGKASAMA KAYO NI SUMIRE KA---, NAIINTIDIHAN MO BA YUN HA RYUU!!!!????!!!!!!NAGSESELOS AKO!!!!!"

Kusang gumagalaw ang bibig ko, hindi ko makontrol..

Nakakainis ka ryuu.. I HATE YOU.. I really really hate you!!!

"talaga bang.. nagseselos ka ha Hannah..."

"binge ka ba?kakasabi ko lang ulit diba!"

Yinakap ako ni ryuu ng mahigpit na mahigpit.. I don't know but I feel protected when ryuu is hugging me like this..

"tama na, nasarapan ka na ata"

"BALIW!"

"tss.. inamin mo na nagseselos ka diba, ano ibig sabihin nun?"

"e-ewan ko, tss, bakit mo ba tinatanong saken yan? I HATE YOU!"

"tss..the more you hate the more you love!"

"hindi ako naniniwalan dyan sa kasabihan mong yan baliw!"

"ows talaga, pero bakit may couples na hate nila ang isa't isa pero love din nila ang isa't isa, ibig sabihin ba yan Hannah.."

">//.//< E-W-A-N KO SAYO RYUU!!"

Bwiset talaga tong si ryuu..

Pero yung sinabi ko sa kanya na nagseselos ako.. parang dapat may kasunod pa yun ehh..

Ay..bayaan mo na nga..

"oh bakit ganyan ang muka mo?may sasabihin ka pa ba bukod dun sa nagseselos ka?"

"mi-mind reader ka ba, bakit mo nababasa yung iniisip ko"

"eh kasi naman.. buka ng buka ang bibig mo.., mangbabarang ka ba?baka naman kinukulam mo na ko niyan"

Hinampas ko sya ng malakas..

"aray!,!"

"dapat yan sayo, ayaw mo tumigil!"

"humanda ka saken kapag nahabol kita!"

Tumakbo ako ng tumakbo..

Para di niya ko mahabol kaso nahabol niya parin ako..

At ang nangyare..

Nadulas kami..

Ako ang nasa ibabaw at sya ang nasa ilalim..

Sa park kasi kami naghahabulan, buti na lang yung park ng dalawang hotel  
ay may damo kaya  
ok lang kahit maghupasay ka pa..

So yun nga, nasa ibabaw ako at sya ang nasa ilalim..

Dub..

Dub.... dub.... Dub..,

Ilang seconds before ako bumalik sa aking sarili..

At yun..naramdaman kong nakapatong parin ako sa kanya kaya naman bigla  
akong napatayo..

---AWKWARD MOMENT---

dahil sa akward moment na nangyare, naglakad ako pabalik ng hotel pero  
hinila niya ang  
kamay ko

>///  
<

"wag kang umalis..."

"ok"

Bakit ganun? isang sabi niya lang na wag akong umalis, hindi na ko makaalis, ano na bang nangyayare saken??

Tsss..

"Hannah, gutom ka na?"

"medyo"

"kaen tayo sa may canteen"

May canteen kasi dito sa may hotel...

Kompleto no?

Hahha

RYUU'S POV

Hannah, gutom ka na?"

"medyo"

"kaen tayo sa may canteen"

Yeah, may canteen dito, actually hindi naman talaga sya totally na canteen..

Ahmm, more like restaurant, bakit kasi canteen ang nasabi ko hahaha

Kumaen kami ni Hannah sa restaurant.. libre ang pagkaen, sagot kasi ng school ang lahat lahat para sa fieldtrip na to..

After nun, tinuloy na namin ang paglilibot sa baguio, papagalitan kasi kami kapag hindi naming napuntahan yung pinapapuntahan, tyaka plus 25 sa lahat ng project sa lahat ng subject,

Hindi kami magkaklase ni Hannah, pero parehas kami ng mga project kaya kelangan naming gawin to..

Gusto ko na nga magpabaksak ehh, para makasama ko si Hannah sa classroom niya, nung narealize ko na mahal ko sya, kahit ni isang minute, ayaw ko ng mapalayo sa kanya kaya nga nung nakita ko si Hannah at keith na nag-uusap, nasasaktan ako ng sobra.. sobra sobra..

Acting lang yung kanina, dapat nga susuntukin ko si keith dahil sa sinabi niya pero kapag ginawa ko yun, alam kong iiyak si Hannah, ayoko ng nakikita syang umiiyak ng dahil saken...

Takte, ang drama ko, NABADING NA ATA AKO?

TSS..ngayon ko lang nalaman na NAKAKABADING NA PALA ANG PAGIBIG NGAYON?

SUMIRE'S POV

(FIRST TIME MAGKAPOV??)

Naiinis ako..

Naiirita talaga ako sa asawa ni ryuu, ang landi landi, oo tama ang narinig niyo, ang landi niya!!!

May asawa na sya pero may mahal syang iba?

Playgirl! Wth!!

At eto namang si ryuu, parang nagkakagusto na kay Hannah sa halip na saken?

Naging ex ko si ryuu, nakipagbreak ako dahil ayoko na, nagsasawa na ko, popularity lang naman ang kelangan ko sa kanya kaya naging kami, nung naging popular na ko, nakipagbreak na ko,

Pero..

Narealize

Ko na mahal ko si ryuu...

Naging ex ko din naman si keith, oo naging ex ko sya, kami ni keith nung kami ni ryuu, YES I'M A TWO TIMER, DEFINITELY TWO TIMER! Pero ngayon I love them both.. siguro nga naloloka na ko pero ano magagawa ko?mahal ko sila pareho, and I want both of them..

Kaya gagawin ko ang lahat para lang mapasaken si ryuu at si keith..

Hindi naman kasi kagandahan si Hannah, pero hindi ko alam bakit parehas na may gusto si keith at ryuu dun sa babaeng yun?hindi hamak naman na mas sexy, popular ako sa kanya!!!

Tss..

Nakita ko si keith at Hannah na magkayakap, tignan mo?nagyakapan pa nga, hmmm

May naisip ako...

Kinuhanan ko si hannat at keith na magkayakap,ilang pictures ata yun?

Tapos tinawagan ko ang isa sa mga reporters na interesado sa buhay ni Hannah at ni keith, isang reporter na medaling bayaran

\*\*hey, may mahalaga akong ipapagawa sayo, magkita tayo sa restaurant dito sa baguio\*

Tignan lang natin kung hindi masira ang inosente mong buhay Hannah

"anong kelangan saken ni ms. Sumire?"

"chris, i call you because I want you to destroy this person's image life" pinakita ko sa kanya yung picture ni Hannah at ni keith

"asawa to ni ryuu diba, teka sino yung kasama niya?"

"si keith, isa sa mga ex ko.. well.. hindi naman kasama si keith dyan, gusto ko lang na sirain mo ang image ng babaeng to.. in short gusto ko gumawa ka ng few issue tungkol dito sa picture na to, at siguraduhin mo na ako ang magiging bida sa oras na lumabas ang issue na yan, at siguraduhin mo din na walang makakaalam na ako ang nagsimula ng issue na yan, succeeding is 50, 000 pesos, ok na ba yan?"

"pano kapag hindi nagsucceed?"

"hindi ka titigil hangga't hindi ka nagsusucceed ok?"

"ok then, deal!"

"deal"

Pera talaga ang sagot sa lahat ng problema that's why I love this life..

Dito magsisimula ang kalbaryo mo Hannah, at siguraduhin ko na hihiwalayan mo si ryuu at si keith ng dahil dyan sa issue na yan

Isa sa mga si chris sa mga galamay ko , ginagawa niya ang lahat ng iutos sa kanya basta may kapalit na pera, at hindi lang yun, professional si Chris sa pag-gawa ng mga number 1 issues na makakasira sa image ng mga tao..

Napakagaling ko talaga..

Habang nasisira ang image ni Hannah, ako naman ang magcocomfort kay keith at ryuu..



Tapos nun... magiging kami ulit..

Ang talino mo talaga sumire, hindi ka tanga kagaya ni Hannah..

Sa una pa lang naman talaga, nakikipagplastikan na ko kay Hannah, yeah I admit I'm plastic pero hindi naman ako kasinglandi ni Hannah, ewan ko nga kung anong nakita ni keith at ni ryuu sa kanya.. >.<

Basta makikita ni Hannah, makikita niya talaga.

CHAPTER 16.4: I CAN'T!

HANNAH'S POV

takte naman, nagflaflashback lahat nung nasabi ko kay ryuu kahapon, naamin ko tuloy na nagseselos ako at ang masama pa..yung nangyare pa nung kahapon.. muntik ko na sya mahalikan sa sobrang katangahan ko..

tsk.. tatakbo na nga lang kasi lampa pa...

walanjo naman,,

"hoy hannah, ok ka lang?"

"aykabayongnahulogsabuilding!" nagulat ako bigla kasi may nagsalita sa likod ko, si minami lang pala..kanina pa kasi ako nakatulala dito sa may sofa..



"sus, hindi naman"

"ay ewan ko minami..ewan ko talaga..."

dahil hindi ako makapagisip ng maayos.. pumunta na lang ako ng restaurant  
at kumaen dun  
kaso nandun si ryuu =\_\_\_\_\_ =

ano ba naman kasi tong nararamdaman ko.. tss..

posible kaya na mahal nga ako talaga ni ryuu?posible kaya na isang  
demonyong katulad niya  
ay mainlove saken??

posible kaya yun?

KAYO MGA READERS, posible ba na totoo mangyare yun?

tss..

hays..

"hoy tabs, bakit ka nakatitig saken?"

"r-r-ryuu!!!"

"wag kang sumigaw, tss hindi ako alien ok?"

"basta basta k-ka ka-kasi..su-sumu-sulpot dyan kung saan saan ehh"

"eh kasi naman, pinagtitinginan ka na kaya, kanina ka pa nakatitig saken  
habang  
kumakaen ako.. tapos nakatayo ka pa, tingin mo anong iisipin sayo ng tao  
ha?"

"sorry naman eh di ako na tanga"

"tss, oh eto pagkaen..nagpaluto ako sa chef ng paborito mo, special request ko yan sa principal kaya pasalamat ka"

"thnx"

"thank you lang, walang kiss?"

"WA-WALA!"

"tss.. pahug nga"

"ano ba ryuu, pinagtitinginan kaya tayo"

"hayaan mo na"

yinakap niya ko ng maluwag, pwede naman akong makawala pero bakit ganun?hindi ko kaya..hindi ko kaya na tumakas sa kanya.. hindi ko kaya na makawala sa yakap niya.. parang gusto ko na yakapin niya ko lagi..yung feeling na hindi niya ko bibitawan

"kung gusto mo talaga makawala hannah, bakit hindi mo itry na itulak ako papalayo sa harap mo.."

"i-i cant!"

arghh.. hindi ko na alam ang sinasabi ko,,,

pero..

arghh,.. readers, pakipaliwanag nga kung ano to?

tss...

RYUU'S POV

"i-i cant!"

i can't? tama ba ang narinig ko?hindi niya kaya bumitaw saken, teka ano na kayang ibig sabihin nito.. tss..

natutuwa ako na hindi ko alam, tss..

matutuwa ba ko dahil nakayakap na rin sya saken sa harap ng maraming tao sa restaurant or matutuwa ba ko kasi sinabi niya na i can't??

o kaya naman both na lang?

wahahaha, natutuwa talaga ako

"oh tama na.. nasarapan na eh"

"tss, yabang"

"pero ikaw na rin ang nagsabing hindi mo kaya"

"ta-talaga si--sinabi k-ko y-yun?"

"oo kaya"

">///  
<"

"namumula ka na hannah, ang cute mo"

"ewan..pero ryuu.. pwede bang yakapin mo pa ko ng mahigpit..pls"

haha, natutuwa talaga ako..ngayon sya na ang nagrerequest

yinakap ko na lang sya ng mahigpit..

nakita ko si keith na nakatingin samin..

mas lalo ko pang hinigpitan ang yakap sa kanya..

gagantihan ko ang ginawa mo sa paghawak ng kamay niya kahapon..

>;)

"ehem ehem baka gusto niyo na ituloy na lang yung sweet moment niyo sa labas?,marami na po kasing tao na nakatingin sa inyo ehh" sabi nunh isang waiter

bigla naman napabitaw si hannah saken., panirang waiter, inienjoy ko pa pagselosin si keith  
ehh... if you love hannah, i love her more keith!

SUMIRE'S POV

kakatapos ko lang magjogging..

pumunta ako sa hotel restaurant na pinagtutuluyan namin.. marami kasing mga taong nagsisigawan na "kinikilig ako!"

kaya naman nakichismis na rin ako..

at yun nga, nagulat ako sa nakita ko.. magkayakap si ryuu at hannah sa harap ni keith!

napakalandi talagang babae..

dahil sa inis ko..

tinawagan ko si chris

"chris!ipublish mo na yung issue! gusto ko ng masira ang pangalan niya hangga't maaga  
pa!!!!

gusto ko maraming makaalaam na reporters, gusto ko hindi titigil ang reporters kakatanong kay hannah at kay ryuu!"

binaba ko na yung phone... nangiinit talaga ang dugo ko!!!!

umalis na ko dahil umiinit talaga ang dugo ko..

bakit kasi ang tagal ipublish ni chris yung issue anak ng..gusto ko na makita ang muka ni hannah na umiiyak dahil sa kalandian niya...

tinawagan ko ulit si chris

"chris!kelan pa ipublish yung issue ha??!"(wag kang excited sumire, pagdating niyo sa eskwelahan, wala ng maiiharap na muka yung asawa ni ryuu kaya wag kang atat)

"siguraduhin mo lang chris!!!"

binaba ko na yung phone..tss

HANNAH'S POV

napabitaw ako sa pagkakayakap ni ryuu ng dumating yung waiter..masyado ata ako nadala sa pagkakayakap sa kanya at may nasabi pa kong hindi tama..

tss

kainis naman..

nung una hinalikan ko sya tapos ngayon nagsabi ako ng wag!

takte naman..

=\_\_\_\_\_ =

maglalakad na sana ako pabalik sa hotel pero hindi ko namalayan na hawak hawak na ni ryuu ang kamay ko..

dub.. dub... dub...

mahigpit ang pagkakahawak niya sa kamay ko, parang ayaw niya na ko bitawan pero parang gusto ko to.. parang gusto ko na manatii na lang akong ganito kay ryuu..

\*erase erase erase!\*

hindi pwede mangyare ang nararamdaman mo hannah, imposible talaga..

wag kang magisip ng kung ano ano just because he's holding your hand now

"i'm sorry.. masyado lang kaming sweet, haha mahal na mahal ko kasi tong asawa kong to.." - sabi ni ryuu sa waiter

takte??anong masyadong sweet at mahal na mahal??

ano bang tinatakbo ng isip mo ryuu!!

talaga bang mahal mo ko? or may iba ka pang dahilan??

ryuu naman kasi ehh



after niya sabihin yung sinabi niya sa waiter, lumabas na kami

"ano bang nasa isip mo ryuu ha??"

"bakit?sinasabi ko lang naman ang totoo"

"totoo na alin?"

"na MAHAL KITA"

nabigla ulit ako sa sinabi niya..talaga bang mahal niya ko katulad ng sinabi niya

"walang halong biro??"

"oo, seryoso akop hannah"

"sus, seryoso, eh pano si sumire??pano mo sasabihin na mahal mo na ko at hindi na sya ang mahal mo" teka ano na naman yung mga sinasabi ko, parang ang labas naman nito ay may feelings na ko kay ryuu

"gusto mo malaman kung papano?"

"oo naman"

"tyaka mo na malalaman kapag inadmit mo na rin sa sarili mo na mahal mo ko at hindi si keith"

nabigla ulit ako sa mga sinabi niya..

takte ang galing talaga bumanat nito.. tss..

"pano kapag hindi ko inadmit?"

"gagawa ako ng paraan para ma-admit mo sa sarili mo na ako na ang mahal mo.."

"tss, ok"

"kinikilig ka na naman sa sinabi ko no"

"hindi ako kinikilig no"

"eh bakit ka namumula kung hindi ka kinikilig aber?"

"porket ba namumula ang face, kinikilig na hindi ba pwedeng mainit lang yung panahon?"

"palusot mo hannah, aminin mo na kasi na kinikilig ka!"

"hindi nga ako kinikilig kulit mo"

"ok ok"

bangayan kami ng bangayan hanggang sa makarating kami sa girls hotel, hinatid niya kasi ako hanggang dun

"bye na"

"bye bye"

binitawan niya na yung kamay ko..

bakit ganun? nung binitawan niya parang may pumukpok na naman sa dibdib ko na isang karpintero, bakit ang feeling ko, sana habang buhay niya na lang kapit ang kamay ko at wala ng iba??

tss.

hapon na ng ihatid ako ni ryuu..

ang bilis ng araw..

huling araw na namin dito bukas..

3 place na lang ang kelangan namin puntahan bukas...

pero sulit naman kasi kasama ko ang taong ma---- nagpapasaya saken..

## CHAPTER 16.5 THE RAIN

HANNAH'S POV

nasa labas ako ngayon ng hotel, naglilibot libot.. wala akong kasama, magisa lang ako sa burhamn park ngayon, wala lang gusto ko lang mapagisa, gusto ko lang magisip ng malalim...

"hannah!" pamilyar saken ang boses na yun...

"ryu--keith!" takte bakit ryuu ang lumalabas sa bibig ko, anak ng tokwa..

"anong ginagawa mo dito magisa, wala ka bang kasama?"

"wala keith, gusto ko lang magisa, hahaha, pinayagan naman ako ni ryuu eh"

"ahh, gusto mo sumama saken maglibot"

"suree.."

naglibot nga kami ni keith ng naglibot tapos dami niyang kinukuwento saken pero bakit si ryuu ang nasa isip ko ngayong kasama ko si keith..

ang gulo naman...

hanggang sa bumuhos ang malakas na ulan

x.x

"hannah!sumukob ka saken baka magkasakit ka"

"hindi ayos lang, mas gusto ko ang ganito.."

"ehh"

"wag ka ng kj keith, ligo na lang tayo sa ulan!"

"sige na nga"

naghabulan kami ng naghabulan ni keith sa park..

at hindi sinasadyang nahalican niya ko...

dapat masaya ako kasi hinalican niya ko pero hindi.. hindi ako masaya nasasaktan ako

nasasaktan ako na hindi ko alam ang dahilan...

hanggang sa bumigay na rin ako.. bumigay ako sa sakit na nararamdaman ko..at ng dahil dun..  
i responded to keith's kisses

RYUU'S POV

Nasa na si hannah?? sabi niya babalik daw sya agad pero hanggang ngayon  
wala pa.. wala rin  
si keith..hindi kaya makasama sila ngayon??

wag naman sana,,

wag na wag..

hindi ako mapakali..

"hoy lalake! hindi ka mapakali dyan! babalik din si hannah" sabi saken ni  
minami, nasa  
dining area kasi kami.. kung saan lahat ng estudyante sama sama ..

pero mas lalo akong hindi mapakali ng bumuhos ang malakas na ulan

"hahanapin ko si hannah!"

hinanap ko si hannah ng may dalang umbrella..

nasan ka na ba hannah?kasama mo ba si keith ngayon?

hannah..

hannah...

hannah....

lingon..

lingon...

ayun..nakita ko sya.. pero sana hindi ko na sya nakita..

dahil..

nakita kong may kahalikan si hannah, at alam ko kung sino...

kahit hindi ko tanungin..alam kong si keith ang kasama niya..

talaga bang mahal ni hannah si keith??

talaga bang hindi seryoso sa kanya yung sinabi ko na mahal ko sya???

ng dahil sa nakita ko..hindi ko mapigilan na magwala pero alangan naman na magwala ako dito  
diba kaya naman umuwi na lang ako..nagkunyare na lang ako na hindi ko sya nakita...

tss.. ang tanga mo talaga ryuu, sa lahat ba naman ng babaeng mamahalin mo si hannah pa na may mahal ng iba.. at sa lahat ba naman ng babaeng pwede na maging asawa mo ay si hannah pa na walang ginawa kung hindi gawing biro yung mga sinasabi mo..

tss..

hindi ko napigilan na suntukin si keith at ilayo si hannah sa kanya!

"ryuu! tama na!!!"

"tama na?? alam mo bang nag-alala ako sayo kasi hindi ka pa umuwi tapos makikita kong may kahalikan kang iba??!! sabihin mo nga saken hannah., talaga bang biro lang ang lahat sayo?talaga bang ang tingin mo sa sinasabi ko na mahal kita.. ISANG BIRUAN LANG HANNAH??!!! HINDI MO BA ALAM NA NASASAKTAN AKO KAPAG KASAMA MO ANG LALAKENG YAN HA??!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

Kahit pigilan ko na maiyak at masakta, masakit talaga kasi mahal na mahal ko si hannah...

"kung siya talaga ang mahal mo hannah, lets divorced, para hindi na ko masaktan pa hannah"

umalis na ko, hindi ko alam kung saan ako uwi....

ayoko bumalik sa hotel kaya naghanap muna ako ng matutuluyan..

ayun may kubo..pwede na dun.. ayoko talaga makita si hannah ngayon dahil masyadong masakit..

masyadong masakit talaga...

:THE RAIN PART 2!

HANNAH'S POV

\*sob\* sob\*

nagalit saken si ryuu.. umiiyak talaga si ryuu..nagalit na talaga sya..  
hindi ito simpleng away  
lang o tampuhan namin ni ryuu, this time nagalit na talaga sya..

ANG TANGA TANGA MO HANNAH!! ANG TANGA TANGA MO!!!

TT\_\_TT

NOW HE WANTED A DIVORCED..kasalanan ko to ehh...

binabalewala ko yung sinasabi niya na mahal niya ko..

ang tanga mo hannah!! ang tanga tanga mo....

ng dahil sa nagalit si ryuu saken.. hinatid ako ni keith pabalik sa  
hotel..wala kaming imikan..

pagdating sa hotel..

yinakap ko si minami..

kinuwento ko sa kanya yung nangyare

"ikaw naman kasi hannah, ano ba talaga nararamdaman mo towards kay  
ryuu?mahal mo  
ba talaga si keith or may nararamdaman ka na kay ryuu pero ayaw mo lang  
aminin?hannah, ikaw na mismo nagsabi na parang pinagtataksilan mo si ryuu  
everytime  
na magkasama kayo ni keith diba??"



"... .."

"ngayon hannah, ang tanong, MAHAL MO PA BA SI KEITH OR HINDI NA??"

hindi ko masagot ang tanong ni minami, naguguluhan ako..

oo tama sya.,. feeling ko nga, pinagtataksilan ko si ryuu kapag kasama ko  
si keith pero masaya  
ako na kasama si keith same with ryuu..

"hindi ko alam minami...hindi ko alam."

hindi ko mapigilan umiyak..naaalala ko lahat ng sinabi saken ni ryuu..

he want divorce..

i deserved this right?

i deserved this because i hurt him..

napakatanga ko talaga..

"hannah, hindi mo pwedeng isagot sa kanila na hindi mo alam kung sino ang  
mahal mo..  
dahil may masasaktan at masasaktan..may magiging masaya, kaya kung ako  
sayo,  
linawin mo na yang nararamdaman mo..wag mong hayaan na may mawala sayong  
mahalaga.."

umiyak ako ng umiyak kay minami buong magdamag...

RYUU'S POV

hindi ako umuwi sa hotel..

dito lang ako sa may rest house na nirentahan ko muna for a while..

kamusta na kaya si hannah?umiiyak parin kaya sya..

takte naman..galit nga ako sa kanya diba pero eto ako, ina-alala sya,  
tanga mo naman kasi  
ryuu..

hayss..

\*kring kring\* oh si minami tumatawag..

"hello"(HOY LALAKE, HANGGANG KELAN MO BALAK PAIYAKIN ANG BESTFRIEND KO,  
MAG USAP NGA TAYO SA RESTAURANT SA LABAS NG HOTEL, NOW NA)

TSS.. makautos wagas?

wala akong choice kundi siputin yun..

kahit ganito ako, hindi ko hinahayaan na maghintay ang isang babae ng  
matagal sa restaurant  
para lang magkita kami

pumunta ako dun sa restaurant na sinasabi niya..

"oh?"

"anong oh ka dyan, wala ka bang balak magsorry sa kaibigan ko ha?"

"sino ba may kasalanan kung bakit ako nagalit?ako ba?sya ang may  
kasalanan kaya sya  
ang magsorry!"

"RYUU, hindi to pataasan ng pride ok"

"hindi din to pababaan ng pride!"

"yung sa divorce na sinabi mo kay hannah, i know that you can't leave her  
so stop this.."

"for what?mahal niya si keith diba, then its better to divorced!"

"divorce is a serious thing ryuu"

"i know pero anong silbi na magsama kami kung wala naman syang nararamdaman saken diba"

"ANG TANGA MO RYUU, don't you see it or bulag ka lang talaga, MAHAL KA RIN NI HANNAH, PERO NAGUGULUHAN PA SYA THIS TIME KAYA PWEDE BA STOP THIS!"

"pano ka naman nakakasigurado na mahal niya ko aber?"

"buong gabi ka niya iniiyakan, hindi pa ba sapat yun, oo hindi niya maamin pero alam kong mahal ka niya"

"kelan pa minami?kelan niya aaminin na mahal niya ko?"

"hindi mo ba kayang maghintay ryuu?"

bigla akong napaisip dun?

kelangan ko nga ba talaga maghintay na sabihing mahal niya rin ako?

kayo mga readers, tama ba na maghintay ako?pero pano kung maghintay ako sa wala at si keith parin ang piliin niya..

tsk naman..

hayss..

umalis na si minami.. nahihirapan na ko..

ano ryuu?uwi ka ba sa hotel at magsosorry kay hannah??

or hahayaan mo na pataasin yung pride mo at hintayin mo na sya ang magsorry..?

hayss..

ok fine! sige na.. ako na..

ako na..

umuwi na ko..

hinanap ko agad si hannah..

pinuntahan ko sa girls hotel area pero wala sya dun..nasaan ka na naman  
ha yuuki hannah  
hirano??!!

hanap..

hanap...

lingon....

lingon.....

pero wala sya dito sa may park ng hotel..

tinawagan ko si minami pero hindi niya sinasagot yung phone..

arghhh..nasaan ka na ba??

HANNAH'S POV

galit saken si ryuu..

narealize ko na..

mahal ko nga si ryuu pero bakit kelangan mangyare to?para lang ba  
marealize ko na mahal ko  
si ryuu?OH GOD DAMN IT! gusto ko umiyak ng umiyak..

pero anong magagawa ng iyak ko..

wala na ehh..,

wala na..

pumunta ako sa mines view park..

umupo na lang ako sa may upuan..

may nakikita akong mga couple at ng dahil dun hindi ko maiwasan na  
maalala ko na naman si  
ryuu TT\_\_\_\_\_TT..

"HANNAAAAAAAAAAAHHH!!!!!!!!!!!!!!" TSS.. hanggang dito ba naman, boses ni  
ryuu ang  
naririnig ko??

tumingin ako sa may kanang gawi ko.. at yun..hindi ako nagkamali..

or nanaginip lang talaga ako??..

nandito si ryuu sa harapan ko..

"sira ka talaga hannah! hindi ka dapat umaalis sa hotel o bigla biglang  
nawawala!"

hindi ko mapigilan na hindi yakapin si ryuu

"anong ako?! ikaw nga ang may dahilan kung bakit ako umalis, ng dahil dun sa sinabi mo na-----"

he kissed me.. nagrespond ako sa mga kisses niya..

this time nagrespond na talaga ako..

yinakap ko sya ng mahigpit..

naalala ko yung nagrespond ako sa kiss ni keith..

hindi ko maiwasan na hindi magsorry

"sorry ryuu.. sorry.."

"sshhhh..naiintindihan ko.. ako dapat ang magsorry.. ako ang nagkamali.. dapat hinintay kong linawin mo ang nararamdaman mo"

"pero ryuu.. so----sorry talaga.. sorry!!!"

"sshhh! tapos na ok..hihintayin ko na sabihin mong mahal mo ako, hindi ko lang talaga mapigilan na hindi magselos.."

"ryuu.."

"oh"

"sira ka talaga.. hindi mo na kelangan maghintay pa ulit.. kasi narealize ko na..mahal na mahal kita.."

"ano?"

"BINGE!"

"pakiulit nga ulit nung sinabi mo, dali!"

"tss..sabi ko..MAHAL NA MAHAL NA MAHAL NA MAHAL KITA GIN RYUU FUJIWARA!"

Sa sobrang tuwa ko, hinalikan ko sya dun sa may pisngge niya..

at yinakap niya ko ng mahigpit..

tapos umuwi na kami ng nakaholding hands..

tss..eto lang pala.. eto lang pala ang dahilan kung bakit ako nagkakaganito..

etong feelings ko na hindi ko maamin kay ryuu

"hey tabs"

"oh?"

"pano si keith??"

"hindi ko nga alam ehh"

"gusto mo ako na magsabi sa kanya?"

"wag na, ako na lang..mas mabuting ako na lang"

"eehh, ayoko baka may gawin na naman yung ungas na yun sayo"

"wala ka bang tiwala saken?sinabi ko na naman na mahal kita ahh"

"oo nga pero alam mo na.."

"tss.. ang cute mo talaga, hindi naman kita ipapagpalit kay keith ehh"  
pahina kong sabi

"ano?"

tss.. ang binge talaga

nahihiya na nga ako sa mga pinagsasabi ko tapos gusto niya ulitin ko pa??

"wag na, nevermind na"

"pakiulit nga"

"ang binge mo kasi, ayaw ko na ulitin"

"uulitin mo or kakargahin kita pauwi?"

"sige na, eto na nga ehh. uulitin na diba.. sabi ko ang cute mo talaga, hindi naman kasi kita ipapagpalit kay keith kaya wag ka ng magworry, ngayon narinig mo na?"

"opo, pakiss nga"

"heh! asa!" lumakad ako papalayo sa kanya tapos nung malayo na ko sa kanya.. tapos tumakbo ako papalapit sa kanya at tyka ko sya hinalikan

"oh ok na ba yan??"

"opo"

tapos yun.. umuwi na kami ng magkasama sa hotel..

CHAPTER 16.6: >///  
< THE BITE!

HANNAH'S POV

WAHHHHHH!!!!!!!!!!!!!!! eto na ang huling araw namin TT^TT

bitin talaga >.< pagkatapos ng gulong nangyare, ang bilis bilis.. pero..hindi ako makapaniwala na naamin ko yung nararamdaman ko kay ryou.. i mean hindi ko akalaing mamahalin ko ang isang kagaya niya kasi in the first place isa syang may mataas na pride, mayabang at basta lahat na ata ng negative personalities pero sya lang ang taong nakakapagpasaya saken ng ganito.. ay ewan..

bakit kasi sya pa..



bakit sa kanya pa ko nainlove at bakit sya pa ang minahal ko.. sa dami dami ba naman kasi ng pwede ko maging asawa ay si GIN RYUU FUJIWARA!?! hindi kasi ako makapaniwala na ang isang katulad niya ay magiging asawa ko dahil sa isang fixed marriage na ginawa ng parents namin at yun.. \*boom\* NAGKADEVELOPAN at eto dumating sa point na nagkaaminan na kami at ayun nga.. napatunayan namin na mahal namin ang isa't isa...

nakasakay na kami ng bus pauwi ng manila, katabi ko si ryuu ngayon, nakasandal sya saken..tss..napagod ata sa mga pinag-gagawa..

natapos namin yung tatlong place na natitira after nung nagkaaminan kami..nagdecide kami na tapusin yun kahit medyo hindi maganda ang panahon..

at eto ang nangyare

\*FLASHBACK\*

OK , mahal namin ang isa't isa... kaya nga hawak hawak ni ryuu yung kamay ko diba?magkaholding hands kami, dapat uuwi na kami kasi malapit na kami sa hotel pero naalala ko na may 3 place pang natitira..

"ryuu! may nakalimutan tayong gawin"

"ano yun?"

"hindi pa natin napupuntahan yung 3 place na natitira, >.< sayang yung souvenir kung hindi natin pupuntahan"

"ah.. puntahan natin?"

"sigee!"

"in one condition" ngek, sabi na ehh, in one condition again and again >.< walang choice gusto ko makuha yung souvenir

"gusto ko"

"gusto mo ng??"

"wag na nga.. hayaan mo na lang yun, kalimutan mo na" tss, tignan mo to, sabi niya one condition tapos bigla nagbago isip niya

"tss, sige na nga, sabi mo ehh"

so ayun nga, pinuntahan namin yung tatlong place na natitira..

nakalimutan ko kung anong place yung mga yun pero ang mahalaga we had fun.. napangiti ko si ryuu at napangiti niya ko

"oh ano problema mo?"

"wala"

"i don't believe you hannah, i know there's something wrong, what is it, tell me?"

"\*nosebleed\* wala, masaya lang ako kasi napapangiti kita"

"w-wa-wag ka n-nga magsasalita ng ganyan! baka hindi k-ko ma-ma-pigilan yung sarili ko na halikan ka at baka mapunta pa yun sa hindi inaasahan"

ok, nauutal sya, alam ko namang nahihiya sya sa mga pinagsasabi niya diba, at nahihiya din ako sa sinabi niyang yun.. tss..

nagcontinue kami sa paglilibot kasi may wall na awkward kami sa isa't isa..

ano ba yan..

"hannah, nagugutom ako, kain tayo ng taho na strawberry"

"ok" kumaen kami ni ryuu ng strawberry na taho..

"may dumi ka dito"

"saan?" nasaan ba yung dumi ko sa pisngi ha?nako naman,. pasaway na taho to..nilapit niya yung muka niya saken at aakmaing hahalikan ako, pero tinanggal niya lang yung dumi sa muka ko then he sweetly kissed my forehead, ngayon alam ko na why he kept saying mahal kita nung hindi ko pa narerealize yung feelings ko sa kanya, its because he really loved me,

after ng sweet moment,

nagtuloy tuloy kami sa paglilibot..

hanggang sa dumating sa point na nagkalitian kami sa gitna ng kalsada,pasaway kasi si ryuu ehh

"i hate you ryuu, hindi na kita lab!"

nagpapababy ako sa kanya LOL, alam kong wala sa vocabulary ko na magpapababy sa kanya pero gusto ko itry, ano kayang gagawin niya para lambingin niya ko

"talaga lang ah, hindi mo na ko lab" he grinned

nako mukang may binabalak ata tong lokong to..

at ayun nga, may binalak ang loko.. kiniliti niya lang naman ako kaya nauwi sa habulan dun sa may park, tawa kami ng tawa ng dalawa pero masaya ako, ngayon ko lang napangiti si ryuu ng ganito..

"huli ka!!!" oops, nahuli niya ko.. parang kabote talaga tong si ryuu, basta basta na lang sumusulpot!"

"kyaahhh!!!!!!!!!!!!!!!"

"ano ha?lab mo na ba ko ulit ha?hate mo ko?"

"tama na.. HAHHAHAHHAHHA RYU-HHAHAHHAH!!! tama naahh!!! oo na, I LOVE YOU RYUU MAHAL NA MAHAL KITA KAYA TIGILAN MO NA KO-HAHHAHAHHHAA"

"hindi kita marinig, pakiulit"

"sabi ko mahal na mahal kita,i love you!!!"

"ahaha, i love you din" tapos hinalikan niya yung leeg ko..hindi niya pala hinalikan, kinagat niya, bampira na ata to

but i feel his breath.. oh my god..alam kong wala sa vocabulary ko ang kiligin sa kanya kasi kay keith lang naman ako kinikilig dati pero as in talaga ngayon, KINIKILIG TALAGA KO NG SOBRA!!!

this time, wala na syang pakielam kung ano makita ng tao samin..

ang alam namin ay ang mahal namin ang isa't isa.

NAPASIGAW AKO KASI OO.. KINIKILIG AKO BECAUSE HE BITE ME ON THE NECK..  
BUT  
WHAT IF SOMEONE SEE MY BITE MARK!!! >.<

"ryuu!!!!!!!!!!!!!"

"bakit!"

"bakit mo ko kinagat!"

"dinala mo kaya ako sa tukso, sa sobrang kakyutan mo, nadala ako sa tukso, wag ka kasing magpapakyut baka mapunta na to sa alam mo na"

alam ko ang ibig sabihin pero.. nice one! hindi ko maimagine na ginagawa namin yun dito..dito mismo sa kalsada!!

"ewan ko sayo. ang adik mo talaga"

"ang seksi mo kasi dyan sa suot mo kaya yan, sa susunod kasi wag kang magsusuot ng fit at sexy na damit baka kasi magkasala pa ko"

"kasalanan ko pa na maging sexy ko ganun,"

"oo kaya its better if you look ugly na lang sa itsura mo para hindi ako nagkakasala pero"

"pero ano = \_\_\_\_\_ ="

"baka naman maging hot ka nun, more seducing"

ano daw?MORE SEDUCING?TAKTE NAMAN RYUU,ANO BA NASA ISIP MO, NADADAMAY TULOY AKO.. ano ba hannah, STOP THINKING SOME P.STUFF OK?!

"ewan ko sayo ryuu, umuwi na tayo, tapos na naman tayo ehh"

yeah, tapos na namin puntahan yung 3 place na natitira.. hindi namin namalayan na tapos na dahil kanina pa kami nagbabangayan dito, nagbbabangayan kami hanggang sa paguwi ng hotel..

hinatid niya ko sa girls hotel area pero parang ayaw niya bitawan ang kamay ko.. tinigban ko yung mata niya at alam ko ang nasa utak niya..gusto niya kong makasama kahit isang gabi lang pero alam niya na hindi pwede yun, strictly not allowed na magsama ang girl at boy lalo na kung gabi na kaya naman

he kissed me in my forehead, down to my nose, down to my lips.. tapos bigla syang nagsalita....

"i want to be with you once we got home"

dun sa sinabi niyang yun, i know what he meant.. i know what exactly he meant kaya naman

"me too.."

"i love you hannah"

"i love you too"

at dun.. dun niya binitawan ang kamay ko... galing no.. kanina pa kami nandito pero ngayon lang kami natapos sa pagbuhbye sa isa't isa..

END OF FLASHBACK

maaga kaming nakauwi ng hotel pero puyat kami.. why?

kasi kausap ko sya hanggang sa telepono.. tss..

